



Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

*Abiso sa Mga Procedural
Safeguard sa Special
Education para sa Mga
Mag-aaral at Kanilang
Mga Pamilya*

2023

ABISO SA MGA PROCEDURAL SAFEGUARD SA SPECIAL EDUCATION PARA SA MGA MAG-AARAL AT KANILANG MGA PAMILYA

Mga Kinakailangan sa ilalim ng Bahagi B ng Batas sa Edukasyon para sa Mga Indibidwal na May Kapansanan, Mga Regulasyon ng Pederal, at Mga Panuntunan ng Estado na Nangangasiwa sa Special Education

Oktubre 2023

Dr. Tania May

Assistant Superintendent ng Special Education

Inihanda ni:

- **Special Education**
speced@k12.wa.us | 360-725-6075



Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

TALAN NG MGA NILALAMAN

Pangkalahatang Impormasyon.....	6
Abiso sa Mga Procedural Safeguard.....	6
Nakasulat na Paunang Abiso.....	7
Native na Wika.....	8
Electronic na Mail.....	8
Pahintulot ng Magulang – Pagpapakahulugan.....	8
Pahintulot ng Magulang – Mga Kinakailangan.....	9
Pahintulot para sa Paunang Pagsusuri.....	9
Espesyal na Panuntunan para sa Paunang Pagsusuri sa Mga Ward ng Estado.....	9
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Paunang Serbisyo at Pagbawi ng Pahintulot para sa Pagpapatuloy ng Mga Serbisyo.....	10
Pahintulot ng Magulang para sa Mga Muling Pagsusuri.....	11
Dokumentasyon ng Mga Makatuwirang Pagsisikap na Hingin ang Pahintulot ng Magulang.....	11
Iba Pang Impormasyon sa Pahintulot.....	12
Mga Hiwalay na Pagsusuri sa Edukasyon.....	12
Mga Pagpapakahulugan.....	12
Karapatan ng Magulang sa isang IEE na Gastos ng Publiko.....	12
Mga Pagsusuring Sinisimulan ng Magulang.....	13
Mga Kahilingan para sa Mga Pagsusuri ng Mga Hukom sa Pang-administratibong Batas (Administrative Law Judges, ALJ).....	13
Mga Pamantayan ng Distrito.....	13
Pagiging Kumpidensyal ng Mga Pagpapakahulugan ng Impormasyon.....	13
Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan.....	14
Abiso sa Mga Magulang.....	14
Mga Karapatan sa Pag-access.....	15
Talaan ng Pag-access.....	15
Mga Talaan sa Mahigit sa Isang Anak.....	16
Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon.....	16
Mga Bayarin.....	16
Pagsusog ng Mga Talaan Kapag Hiniling ng Magulang.....	16
Oportunidad para sa Pagdinig, Mga Procedure ng Pagdinig, at Resulta ng Pagdinig.....	16
Pahintulot para sa Paghahayag ng Impormasyong Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan.....	17
Mga Pag-iingat para sa Impormasyong Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan.....	17
Pagsira, Pagpapanatili, at Pag-store ng Impormasyon.....	18
Mga Procedure sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo sa Special Education.....	18
Pamamagitan.....	18
Pangkalahatan.....	18
Pagiging Walang Kinikilingan ng Tagapamagitan.....	19
Mga Napagkakasunduan sa Pamamagitan.....	19
Mga Pagkakaiba ng Mga Pag-iimbestiga ng Reklamo at Pagdinig para sa	

Due Process sa Komunidad ng Special Education	19
Mga Procedure sa Mga Reklamo sa Komunidad.....	20
Paghahain ng Reklamo.....	20
Mga Pag-iimbestiga ng Reklamo	21
Pagsisiyasat, Extension, Nakasulat na Pasya	21
Mga Remedyo sa Reklamo	21
Mga Reklamo at Pagdinig para sa Due Process sa Komunidad ng Special Education.....	21
Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process	22
Pangkalahatan	22
Paghahain.....	22
Abisong Kinakailangan Bago ang Pagdinig sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process.....	23
Pagiging Sapat ng Kahilingan sa Pagdinig	23
Pag-amyenda sa isang Kahilingan sa Pagdinig.....	23
Tugon ng Distrito sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process	23
Tugon ng Kabilang Panig sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process	24
Mga Halimbawang Form.....	24
Placement ng Mag-aaral Habang Nakabinbin ang Pagdinig para sa Due Process.....	24
Proseso ng Paglutas.....	25
Meeting para sa Paglutas.....	25
Panahon ng Paglutas	26
Mga Pagsasaayos sa Panahon ng Paglutas na May 30 Araw ng Kalendaryo.....	26
Nakasulat na Kasunduan sa Settlement.....	27
Panahon ng Pagsusuri sa Kasunduan.....	27
Walang Kinikilingang Pagdinig para sa Due Process	27
Pangkalahatan	27
Hukom sa Pang-administratibong Batas (Administrative Law Judge, ALJ)	27
Paksa ng Pagdinig para sa Due Process	28
Timeline ng Paghiling ng Pagdinig.....	28
Mga Pagbubukod sa Timeline	28
Mga Karapatan sa Pagdinig	28
Pangkalahatan	28
Karagdagang Paghahayag ng Impormasyon	29
Mga Karapatan ng Magulang sa Mga Pagdinig.....	29
Mga Timeline at Kaginhawaan sa Mga Pagdinig.....	29
Mga Pasya sa Pagdinig	29
Pasya ng ALJ	29
Clause sa Construction	30
Hiwalay na Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process	30
Mga Finding at Pasya sa Tagapayong Panel at Pangkalahatang Publiko.....	30
Pagiging Pinal ng Pasya; Apela.....	30
Mga Sibil na Pagkilos, Kasama ang Yugto ng Panahon para sa Paghahain sa Mga Pagkilos na Iyon.....	30
Pangkalahatan	30

Limitasyon sa Oras	30
Mga Karagdagang Procedure.....	31
Panuntunan sa Construction	31
Mga Bayarin sa Abugado.....	31
Pangkalahatan	31
Pagbibigay sa Mga Bayarin.....	32
Mga Pandisiplinang Procedure para sa Mga Mag-aaral na Kwalipikado sa Special Education.....	33
Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan.....	33
Pagpapasya Batay sa Kaso	33
Pangkalahatan	33
Pagbabago ng Placement Dahil sa Mga Pandisiplinang Removal.....	33
Abiso.....	34
Mga Serbisyo.....	34
Pagpapasya sa Manifestation	35
Pagpapasya na Manifestation ng Kapansanan ng Mag-aaral ang Pag-asal.....	35
Karagdagang Awtoridad.....	36
Mga Espesyal na Sitwasyon	36
Mga Pagpapakahulugan.....	36
Pagpapasya sa Setting	37
Pag-apela ng Mga Pasya sa Placement at Pasya sa Manifestation (Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process para sa Pagdidisiplina)	37
Awtoridad ng Hukom sa Pang-administratibong Batas (ALJ)	37
Placement sa Panahon ng Mga Pinabilis na Pagdinig para sa Due Process	38
Mga Proteksyon para sa Mga Mag-aaral na Hindi Pa Kwalipikado para sa Special Education at Mga Kaugnay na Serbisyo.....	38
Pangkalahatan	38
Batayan ng Kaalaman sa Mga Pandisiplinang Usapin.....	39
Pagbubukod.....	39
Mga Kundisyong Ilalapat Kung Walang Batayan ng Kaalaman.....	39
Referral sa at Pagkilos ng Mga Tagapagpatupad ng Batas at Panghukom na Awtoridad.....	39
Pagpapadala ng Mga Talaan.....	40
Mga Kinakailangan para sa Unilateral Placement ng Mga Magulang ng Mga Mag-aaral sa Mga Pribadong Paaralan na Gastos ng Publiko Kapag May Inisyung FAPE.....	40
Reimbursement para sa Placement sa Pribadong Paaralan.....	40
Limitasyon sa Reimbursement.....	40
Mga Resource.....	37
Legal na Abiso.....	37

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Ang Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na May Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) ng 2004, na tungkol sa edukasyon ng mga mag-aaral na may kapansanan, ay nag-aatas sa mga paaralan na bigyan ka, ang magulang ng mag-aaral na may kapansanan, o pinaghihinalaang may kapansanan, ng abisong may kumpletong paliwanag sa mga karapatang available sa iyo sa ilalim ng IDEA at Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, CFR) ng Departamento ng Edukasyon ng U.S. (U.S. Department of Education). Pinapangasiwaan ng Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) ang mga panuntunan ng estado kaugnay ng pagbibigay ng special education. Makikita ang mga panuntunang ito sa Kabanata 392-172A ng Pang-administratibong Kodigo ng Washington (Washington Administrative Code, WAC). Nakakasunod ang dokumentong ito sa Halimbawang *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education* ng Departamento ng Edukasyon ng U.S., na nirebisa noong Hunyo 2009.

Ang abisong ito ay para sa mga magulang, surrogate na magulang, at mag-aaral na nasa hustong gulang. Nailalapat din ang mga pagbanggit ng “ikaw” o “magulang” at “iyong anak” sa mga surrogate na magulang at mag-aaral na nasa hustong gulang. Ang mga pagbanggit sa abisong ito ng “distrito ng paaralan” o “distrito” ay kinabibilangan ng mga charter na paaralan, at iba pang pampublikong ahensya, gaya ng mga distrito para sa serbisyo sa edukasyon at ahensya para sa serbisyo sa edukasyon.

Makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa special education at Mga Procedural Safeguard na ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa director ng special education ng iyong lokal na distrito ng paaralan, center ng estado para sa pagsasanay at impormasyon ng magulang, Partnerships for Action Voices for Empowerment (Washington Pave), o sa pamamagitan ng OSPI. Ang OSPI ay may web page na tumutugon sa special education sa [Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo – Special Education](#). Ang OSPI ay may mga supervisor ng programa at liaison ng magulang at komunidad sa special education na makakatulong sa iyo sa mga tanong tungkol sa programa sa special education ng iyong anak. Puwede kang makipag-ugnayan sa OSPI, Special Education sa 360-725-6075, OSPI TTY 360-664-3631, o sa [Email ng OSPI para sa Special Education](#).

Abiso sa Mga Procedural Safeguard 34 CFR §300.504; WAC 392-172A-05015

Bibigyan ka ng kopya ng abisong ito nang isang beses bawat taong pampaaralan, at: sa paunang referral o kapag humiling ka ng pagsusuri; sa oras na matanggap ng distrito ang kauna-unahan mong reklamo sa komunidad ng special education sa isang taong pampaaralan; sa oras na matanggap ng distrito ang kauna-unahan mong kahilingan sa pagdinig para sa due process sa isang taong pampaaralan; kapag napagpasyahang gumawa ng pandisiplinang pagkilos kung saan may magbabago sa placement; at kapag hiniling mo.

Ang *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education* na ito ay may kumpletong paliwanag ng lahat ng procedural safeguard kaugnay ng unilateral placement ng iyong anak sa isang pampublikong paaralan na gastos ng publiko, mga procedure sa mga reklamo sa komunidad ng

special education, procedure sa may-kabatirang pahintulot, procedural safeguard na nakapaloob sa Subpart E ng Bahagi B Mga regulasyon ng IDEA, at mga probisyon ng pagiging kumpidensyal ng impormasyon sa Subpart F ng Bahagi B Mga regulasyon ng IDEA. Magagawa ng mga distrito na gamitin ang Abisong ito o na gumawa ng sarili nilang *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education* sa mga magulang.

Nakasulat na Paunang Abiso

34 CFR §300.503; WAC 392-172A-05010

Dapat kang bigyan ng iyong distrito ng paaralan ng impormasyon, sa pamamagitan ng pagsulat, tungkol sa mahahalagang pasyang nakakaapekto sa programa sa special education ng iyong anak. Tinatawag itong nakasulat na paunang abiso (prior written notice, PWN) at isa itong dokumentong nagpapakita sa mga pasyang ginawa sa isang meeting o ng distrito bilang tugon sa isang kahilingan mo. **Inaatasan ang distrito na bigyan ka ng nakasulat na paunang abiso pagkatapos ng isang pasya, pero bago ipatupad ang nasabing pasya.** Ang mga pasyang ito ay nauugnay sa mga suhestyon o pagtanggì na simulan o baguhin ang pagtukoy, pagsusuri, placement, o pagbibigay ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (Free Appropriate Public Education) sa iyong anak.

Ang nakasulat na paunang abiso ay mayroon dapat ng mga sumusunod:

- Ang iminumungkahi o tinatanggihang gawin ng distrito;
- Paliwanag ng kung bakit iminumungkahi o tinatanggihan ng distrito ang isang pagkilos;
- Paliwanag ng iba pang opsyong isinasaalang-alang ng team ng pang-indibidwal na programa ng edukasyon (individualized education program, IEP) at mga dahilan ng pagtanggì sa mga opsyong iyon;
- Paliwanag ng bawat pagsusuri, procedure, pagtatasa, talaan, o ulat na ginamit bilang batayan ng pagkilos;
- Paglalarawan ng iba pang salik na nauugnay sa pagkilos;
- Paglalarawan ng anumang procedure ng pagsusuri na iminumungkahi ng distrito na gawin para sa paunang pagsusuri at anumang muling pagsusuri;
- Pahayag na nagsasabing pinoprotektahan ng Mga Procedural Safeguard na inilalarawan sa booklet na ito ang mga magulang;
- Kung paano ka makakakuha ng kopya ng booklet na ito ng *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education*; o kung paano magsama ng kopya ng booklet na ito ng *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education* kung hind ka nabigyan nito; at
- Mga source na makakaugnayan mo para sa tulong sa pag-unawa sa Mga Procedural Safeguard na ito.

Kasama sa mga halimbawa ng kung kailan ka makakatanggap ng nakasulat na paunang abiso ang mga sumusunod:

- Gustong suriin o muling suriin ng distrito ang iyong anak, o ayaw suriin o muling suriin ng distrito ang iyong anak.
- May babaguhin sa IEP o placement ng iyong anak.
- Humiling ka ng pagbabago at ayaw gawin ng distrito ang pagbabago.
- Binigyan mo ang distrito ng nakasulat na abisong binabawi mo ang pahintulot na makatanggap ang iyong anak ng mga serbisyo sa special education.

Ang nakasulat na paunang abiso ay nakasulat dapat gamit ang mga salitang madaling mauunawaan ng pangkalahatang publiko, at ibigay dapat nang nasa iyong native na wika o iba pang paraan ng komunikasyon na ginagamit mo, maliban na lang kung malinaw na hindi iyon posibleng gawin. Kung hindi nakasulat na wika ang iyong native na wika o iba pang paraan ng komunikasyon, dapat magsagawa ng mga hakbang ang distrito para matiyak na: (1) isasalin ang abiso nang pasalita o sa pamamagitan ng iba pang paraan sa iyong native na wika o iba pang paraan ng komunikasyon; (2) nauunawaan mo ang nilalaman ng abiso; at (3) may nakasulat na katibayang natugunan ang mga pag-aatas sa ilalim ng (1) at (2).

Native na Wika

34 CFR §300.29; WAC 392-172A-01120

Ang native na wika, kapag ginamit kaugnay ng isang indibidwal na English learner, ay:

1. Ang wikang karaniwang ginagamit ng taong iyon o, kung isang bata, wikang karaniwang ginagamit ng mga magulang ng bata.
2. Sa lahat ng direktang pakikipag-ugnayan sa isang bata (pati sa pagsusuri sa bata), ang wikang karaniwang ginagamit ng bata sa bahay o sa lugar ng pagkatuto.

Para sa isang taong hindi nakakakita o hindi nakakarinig o nahihirapang makarinig, o para sa isang taong walang nakasulat na wika, ang paraan ng komunikasyon na karaniwang ginagamit ng nasabing indibidwal (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon).

Electronic na Mail

34 CFR §300.505; WAC 392-172A-05020

Kung inaalok ng iyong distrito ang mga magulang ng opsyong makatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng email, puwede mong piliing matanggap ang mga sumusunod sa pamamagitan ng email:

1. Nakasulat na paunang abiso;
2. *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education*; at
3. Mga abiso kaugnay ng kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Pahintulot ng Magulang – Pagpapakahulugan

34 CFR §300.9; WAC 392-172A-01040

Kapag sinabing *pahintulot* :

1. Ganap na ipinabatid sa iyo, gamit ang iyong native na wika o iba pang paraan ng komunikasyon (gaya ng sign language, Braille, o pasalitang komunikasyon) ang tungkol sa lahat ng impormasyong nauugnay sa pagkilos na pinapahintulutan mo;
2. Nauunawaan at sinasang-ayunan mo ang pagkilos na iyon sa pamamagitan ng pagsulat, at inililista ng pahintulot na iyon ang nasabing pagkilos, at inililista nito ang mga ire-release na talaan (kung mayroon) at kung kanino ito ire-release; at
3. Nauunawaan mong boluntaryo ang pahintulot sa bahagi mo, at puwede mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras.

Kung gusto mong bawiin ang iyong pahintulot pagkatapos magsimulang makatanggap ng iyong anak ng mga serbisyo sa special education, dapat mo itong gawin sa pamamagitan ng pagsulat. Ang pagbawi mo ng pahintulot ay hindi magne-negate (mag-a-undo) ng pagkilos na nasimulan pagkatapos mong ibigay ang iyong pahintulot at bago mo ito bawiin. Bukod pa rito, hindi inaatasan ang distrito ng paaralan na susugan (baguhin) ang mga talaan sa edukasyon ng iyong anak para alisin ang anumang pagbanggit sa pagtanggap ng iyong anak ng mga serbisyo sa special education.

Pahintulot ng Magulang – Mga Kinakailangan

34 CFR §300.300; WAC 392-172A-02000; WAC 392-172A-03000

Pahintulot para sa Paunang Pagsusuri

Ang iyong distrito ay hindi puwedeng magsagawa ng paunang pagsusuri ng iyong anak para matukoy kung kwalipikado siya para sa special education at mga kaugnay na serbisyo hangga't hindi ka nito nabibigyan ng nakasulat na paunang abiso na naglalarawan sa mga iminumungkahing aktibidad sa pagsusuri at hangga't hindi nito hinihingi ang iyong nakasulat na may-kabatang pahintulot. Dapat gumawa ng makatuwirang pagsisikap ang iyong distrito ng paaralan na hingin ang iyong may-kabatang pahintulot para sa isang paunang pagsusuri, para mapagpasyahan kung kwalipikado ang anak mo para sa special education.

Ang pagbibigay mo ng pahintulot para sa paunang pagsusuri ay hindi nangangahulugang binibigyan mo ang distrito ng pahintulot na simulang bigyan ng special education at mga kaugnay na serbisyo ang iyong anak. Kailangan ding hingin ng distrito ng paaralan ang pahintulot mo para mabigyan ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon.

Kung naka-enroll ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan at kung gusto mong i-enroll ang iyong anak sa isang pampublikong paaralan at tumanggi kang magbigay ng pahintulot, o kung hindi ka nakatugon sa isang kahilingan sa pagpapahintulot ng paunang pagsusuri, bagama't hindi kinakailangan, **puwedeng** hingin ng distrito mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng paggamit ng mga procedure sa pamamagitan o pagdinig para sa due process, na inilalarawan sa ibang bahagi ng abisong ito. Hindi lalabag ang distrito sa mga obligasyon nito para mahanap, matukoy, at masuri ang iyong anak kung pipiliin nitong hindi isulong ang pagsusuri sa iyong anak sa ganitong sitwasyon.

Espesyal na Panuntunan para sa Paunang Pagsusuri ng Mga Ward ng Estado

Kung ward ng estado at hindi mo kasama sa bahay ang iyong anak, hindi kailangan ng estado ang pahintulot mo para sa paunang pagsusuri para matukoy kung kwalipikado ang iyong anak para sa special education kung:

1. Sa kabila ng mga makatuwirang pagsisikap na hanapin ka ay hindi ka mahanap ng distrito;
2. Nagwakas na ang iyong mga karapatan bilang magulang alinsunod sa batas ng estado; o
3. Itinalaga ng isang hukom ang karapatang gumawa ng mga pasya sa edukasyon sa isang taong iba sa iyo, at pinahintulutan ng taong iyon ang paunang pagsusuri.

Ang *ward ng estado*, alinsunod sa paggamit sa IDEA, ay isang batang:

1. Foster child na hindi na-place sa isang foster parent;
2. Itinuturing na ward ng estado sa ilalim ng batas ng estado ng Washington; o
3. Nasa kustodiya ng Departamento para sa Mga Bata, Teenager, at Pamilya (Department of Children, Youth, and Families), o iba pang pampublikong ahensya ng estado para sa kapakanan ng bata.

Hindi kasama sa *ward ng estado* ang foster child na may foster parent.

Pahintulot ng Magulang para sa Mga Paunang Serbisyo at Pagbawi ng Pahintulot para sa Pagpapatuloy ng Mga Serbisyo

Dapat gumawa ang iyong distrito ng paaralan ng mga makatuwirang pagsisikap na hingin ang iyong nakasulat na may-kabatirang pahintulot, at makuha ang iyong nakasulat na may-kabatirang pahintulot bago magbigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak sa unang pagkakataon.

Kung hindi ka tutugon sa kahilingang bigyan mo ng pahintulot ang pagtanggap ng iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, o kung tatanggi kang ibigay ang nasabing pahintulot, ang iyong distrito ay hindi puwedeng gumamit ng mga procedure sa pamamagitan para sumang-ayon ka o gumamit ng mga procedure sa pagdinig para sa due process para makakuha ng ruling mula sa isang hukom sa pang-administratibong batas para magbigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa iyong anak.

Kung tatanggi kang tumugon o kung hindi ka tutugon sa kahilingan na bigyan mo ng pahintulot ang pagtanggap ng iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, hindi puwedeng bigyan ng distrito ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo. Sa ganitong sitwasyon, ang iyong distrito ng paaralan ay:

1. Hindi lumalabag sa pag-aatas na gawing available sa iyong anak ang isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) dahil sa hindi pagbibigay ng mga serbisyon ng yon sa anak mo; at
2. Hindi inaatasang magkaroon ng meeting para sa IEP o gumawa ng IEP para sa iyong anak para sa special education at mga kaugnay na serbisyo kung para saan hiningi ang pahintulot mo.

Kapag nakapagbigay ka na ng nakasulat na pahintulot para makatanggap ang iyong anak ng special education at mga kaugnay na serbisyo at sinimulan na ng distrito na magbigay ng mga serbisyo sa special education, mananatiling kwalipikado ang iyong anak na makatanggap ng mga serbisyo sa special education hanggang sa:

1. Muli siyang suriin at mapag-alamang hindi na siya kwalipikado para sa mga serbisyo sa special education;
2. Makapagtapos siya nang may regular na diploma sa high school;
3. Maging 21 taong gulang siya (o kapag naging 21 taong gulang ang iyong anak pagkalipas ng Agosto 31, kwalipikado siya para sa mga serbisyo hanggang sa pagtatapos ng taong pampaaralan.); o
4. Bigyan mo ang distrito ng nakasulat na pagbawi ng iyong pahintulot para sa patuloy na pagbibigay ng mga serbisyo sa special education.

Kung babawiin mo ang iyong pahintulot sa pamamagitan ng pagsulat para sa patuloy na pagbibigay ng mga serbisyo pagkatapos masimulan ng distrito ang mga serbisyo sa special education, dapat kang bigyan ng distrito ng *nakasulat na paunang abiso* sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon bago nito ihinto ang pagbibigay ng mga serbisyo sa special education sa iyong anak. Kasama sa nakasulat na paunang abiso ang petsa kung kailan ihihinto ng distrito ang pagbibigay ng mga serbisyo sa iyong anak, at sasabihin nito sa iyo na ang distrito ng paaralan ay:

1. Hindi lumalabag sa pag-aatas na gawing available sa iyong anak ang isang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) dahil sa hindi pagbibigay ng mga serbisyong iyon sa anak mo; at
2. Hindi inaatasang magkaroon ng meeting para sa IEP o gumawa ng IEP para sa iyong anak para makapaghatid pa ng mga serbisyo sa special education.

Hindi puwedeng gumamit ang isang distrito ng due process para ma-override ang iyong nakasulat na pagbawi o gumamit ng mga procedure sa pamamagitan para sumang-ayon ka nang sa gayon ay patuloy na mabigyan ng mga serbisyo sa special education ang iyong anak. Kapag inihinto na ng distrito ang pagbibigay ng mga serbisyo sa special education sa iyong anak, hindi na ituturing na kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo sa special education, at mapapailalim na siya sa mga pag-aatas na pareho sa nailalapat sa lahat ng mag-aaral. Magagawa mo o ng ibang taong pamilyar sa iyong anak, pati ng distrito ng paaralan, na i-refer ang bata para sa paunang pagsusuri anumang oras pagkatapos mong bawiin ang pahintulot na makatanggap ang iyong anak ng special education.

Pahintulot ng Magulang para sa Mga Muling Pagsusuri

Kung kailangang magsagawa ng bagong eksaminasyon bilang bahagi ng muling pagsusuri ng iyong anak, dapat hingin ng distrito ang iyong may-kabatang pahintulot bago nito muling suriin ang iyong anak, maliban na lang kung maipapakita ng distrito mo na:

1. May mga ginawa itong makatuwirang hakbang para mahingi ang pahintulot mo para sa muling pagsusuri ng iyong anak; at
2. Hind ka sumagot.

Kung tatanggi kang pahintulutan ang bagong eksaminasyon bilang bahagi ng muling pagsusuri sa iyong anak, magagawa ng distrito, pero hindi nito kinakailangan, na isulong ang muling pagsusuri sa iyong anak sa pamamagitan ng paggamit ng mga procedure sa pamamagitan para sumang-ayon ka o gamitin ang mga procedure sa pagdinig para sa due process para ma-override ang pagtanggap mo na pahintulutan ang muling pagsusuri sa iyong anak. Tulad sa mga paunang pagsusuri, hindi malalabag ng iyong distrito ang mga obligasyon nito sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung tatanggi itong isulong ang muling pagsusuri gamit ang mga procedure sa pamamagitan o due process.

Dokumentasyon ng Mga Makatuwirang Pagsisikap na Hingin ang Pahintulot ng Magulang

Dapat magpanatili ang iyong paaralan ng dokumentasyon ng mga makatuwirang pagsisikap na hingin ang pahintulot mo para sa mga paunang pagsusuri para magbigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, magsagawa ng muling pagsusuri kung saan may bagong eksaminasyon, at maghanap ng mga magulang ng mga ward ng estado para sa mga paunang pagsusuri. Ang dokumentasyon ay may talaan dapat ng mga pagsubok ng distrito sa mga

aspetong ito, gaya ng:

1. Mga detalyadong talaan ng mga ginawa o sinubukang pagtawag at resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng pakikipag-ugnayang ipinadala sa iyo at anumang natanggap na sagot; at
3. Mga detalyadong talaan ng mga pagbisita sa iyong bahay o trabaho at resulta ng mga pagbisitang iyon.

Iba Pang Impormasyon sa Pahintulot

Hindi kinakailangan ang iyong pahintulot bago gawin ng distrito ang mga sumusunod:

1. Sumuri ng dati nang data bilang bahagi ng pagsusuri o muling pagsusuri ng iyong anak; o
2. Bigyan ng eksaminasyon o iba pang pagsusuri ang iyong anak na ibinibigay sa lahat ng mag-aaral maliban na lang kung kinakailangan ng pahintulot mula sa mga magulang ng lahat ng mag-aaral bago ibigay ang eksaminasyon o pagsusuring iyon.

Kung ini-enroll mo ang iyong anak sa isang pribadong paaralan na gastos mo, o kung hino-home school mo ang iyong anak, at hindi mo papahintulutan ang paunang pagsusuri o muling pagsusuri sa iyong anak, o kung hindi ka makakatugon sa isang kahilingan sa pahintulot mo, ang distrito ay hindi puwedeng gumamit ng mga procedure sa pamamagitan para sumang-ayon ka o gumamit ng mga procedure sa pagdinig para sa due process para ma-override ang pagtanggap mo. Hindi rin kailangan ng distrito na ituring ang iyong anak na kwalipikadong makatanggap ng mga equitable na serbisyo sa pribadong paaralan, na mga serbisyong available sa ilang mag-aaral sa pribadong paaralan na na-place ng magulang para sa special education.

Mga Hiwalay na Pagsusuri sa Edukasyon

34 CFR §300.502; WAC 392-172A-05005

May karapatan kang kumuha ng hiwalay na pagsusuri sa edukasyon (independent educational evaluation, IEE) ng iyong anak kung hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuring isinagawa ng iyong distrito. Kung hihiling ka ng IEE, dapat kang bigyan ng distrito ng impormasyon tungkol sa kung saan ka puwedeng kumuha ng IEE at tungkol sa mga pamantayan ng distrito na nailalapat sa mga IEE.

Mga Pagpapakahulugan

- Ang *hiwalay na pagsusuri sa edukasyon (independent educational evaluation)* (IEE) ay tumutukoy sa pagsusuring isinasagawa ng isang kwalipikadong tagasuri na hindi nagtatrabaho sa distritong responsable para sa edukasyon ng iyong anak.
- Ang ibig sabihin ng *gastos ng publiko* ay ang distrito ang nagbabayad sa buong gastusin sa pagsusuri o tinitiyak nitong wala kang babayaran sa pagsusuri.

Karapatan ng Magulang sa isang IEE na Gastos ng Publiko

May karapatan ka sa isang IEE ng iyong anak na gastos ng publiko kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pagsusuri ng iyong anak na isinagawa ng iyong distrito, na napapailalim sa mga sumusunod na kundisyon:

1. Kung hihiling ka ng IEE ng iyong anak na gastos ng publiko, dapat gawin ng iyong distrito ng paaralan, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo pagkatapos ng kahilingan mo, ang **alinman sa mga sumusunod**: (a) maghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process para

maipakitang naaangkop ang pagsusuri nito sa iyong anak o na hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng distrito ang nakuha mong pagsusuri sa iyong anak; • (b) sumang-ayong magbigay ng IEE na gastos ng publiko.

2. Kung hihiling ang iyong distrito ng paaralan ng pagdinig para sa due process at ang pinal na pasya ay naaangkop ang pagsusuri ng distrito sa iyong anak, may karapatan ka pa rin sa isang IEE, pero hindi na ito gastos ng publiko.
3. Kung hihiling ka ng IEE ng iyong anak, posibleng tanungin ka ng iyong distrito ng paaralan kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa pagsusuring isinagawa ng distrito. Gayunpaman, ang distrito ay hindi puwedeng humingi ng paliwanag at hindi puwedeng maging dahilan para hindi makatuwirang maantala ang pagbibigay sa IEE ng iyong anak na gastos ng publiko o ang paghahain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process para ipagtanggol ang pagsusuri ng distrito sa iyong anak.

Iisang IEE lang iyong anak na gastos ng publiko ang puwede mong hilingin sa tuwing magsasagawa ang iyong distrito ng paaralan ng pagsusuri sa iyong anak na hindi mo sinasang-ayunan.

Mga Pagsusuring Sinisimulan ng Magulang

Kung kukuha ka ng IEE ng iyong anak na gastos ng publiko o kung bibigyan mo ang distrito ng IEE na nakuha mo nang pribado:

1. Dapat isaalang-alang ng iyong distrito ang mga resulta ng IEE sa anumang pasyang gagawin nito kaugnay ng pagbibigay ng FAPE sa iyong anak, kung nakakatugon ito sa mga pamantayan ng distrito para sa mga IEE; at
2. Puwede mo o ng iyong distrito na ipresenta ang IEE bilang katibayan sa isang pagdinig para sa due process kaugnay ng iyong anak.

Mga Kahilingan para sa Mga Pagsusuri ng Mga Hukom sa Pang-administratibong Batas (Administrative Law Judges, ALJ)

Kung may ALJ na hihiling ng IEE ng iyong anak bilang bahagi ng pagdinig para sa due process, gastos ng publiko ang bayad sa pagsusuri.

Mga Pamantayan ng Distrito

Kung gastos ng publiko ang isang IEE, ang mga pamantayan sa pagkuha ng pagsusuri, pati ang lokasyon ng pagsusuri at mga kwalipikasyon ng tagasuri ay kapareho dapat ng mga pamantayang gagamitin ng distrito kapag nagpasimula ito ng pagsusuri (basta't naaayon ang mga pamantayang iyon sa iyong karapatan sa isang IEE).

Maliban kung inilarawan sa itaas, hindi puwedeng magpataw ang isang distrito ng mga kundisyon o timeline kaugnay ng pagkuha ng IEE na gastos ng publiko.

Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon Mga

Pagpapakahulugan

34 CFR §300.611; WAC 392-172A-05180

Ang IDEA ay nagbibigay sa iyo ng mga karapatan kaugnay ng mga talaan sa special education ng iyong anak. Ang mga karapatang ito ay bukod pa sa mga karapatang mayroon ka sa ilalim ng Batas sa Mga Karapatan sa Edukasyon at Privacy ng Pamilya (Family Educational Rights and Privacy Act, FERPA), na isang batas na nagbibigay ng mga proteksyon sa mga talaan sa edukasyon sa lahat ng mag-aaral.

Gaya ng paggamit sa ilalim ng heading na *Pagiging Kumpidensyal ng Impormasyon*:

- Ang *pagsira* ay pisikal na pagsira o pag-aalis ng mga personal na identifier mula sa impormasyon para hindi na makapagbigay ng personal na pagkakakilanlan ang nasabing impormasyon.
- Ang *mga talaan sa edukasyon* ay tumutukoy sa uri ng mga talaang tinatalakay sa ilalim ng pagpapakahulugan ng "mga talaan sa edukasyon" sa 34 CFR Part 99 (ang mga regulasyong nagpapatupad sa Batas sa Mga Karapatan sa Edukasyon at Privacy ng Pamilya ng 1974, 20 U.S.C. 1232g (FERPA)).
- Ang *Kalahok na Ahensya* ay anumang distrito ng pamahalaan, ahensya, o institusyon na nangongolekta, nagpapanatili, o gumagamit ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, na pinagkukunan ng impormasyon, sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA.

Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan

34 CFR §300.32; WAC 392-172A-01140

Ang *nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan* impormasyong may:

1. Pangalan ng iyong anak, pangalan mo bilang magulang, o pangalan ng ibang miyembro ng pamilya;
2. Address ng iyong anak;
3. Personal na identifier, gaya ng social security number o student number ng iyong anak; o
4. Listahan ng mga personal na katangian o iba pang impormasyong magagamit para matukoy ang pagkakakilanlan ng iyong anak nang may makatuwirang katiyakan.

Abiso sa Mga Magulang

34 CFR §300.612; WAC 392-172A-05185

Nagbibigay ang OSPI ng abiso, sa pamamagitan ng mga regulasyon nito, para ganap na maipabatid sa iyo ang tungkol sa pagiging kumpidensyal ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan, kasama ang:

1. Pagiging available ng mga halimbawang form ng estado, pati ng *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education* na ito, sa maraming wika at alternatibong format kapag hiniling;
2. Paglalarawan ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan na kinokolekta at pinapanatili ng OSPI sa pamamagitan ng mga reklamo sa estado, kahilingan at pasya sa pagdinig para sa due process, pagsubaybay, aplikasyon para sa safety net, kasunduan sa pamamagitan, at pagsasagawa ng pagsusuri para sa grant. Inaalís ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan bago ibahagi ang impormasyong ito sa ibang ahensya o indibidwal na humihiling ng impormasyon, maliban na lang kung papahintulutan ng magulang o nasa hustong gulang na mag-aaral na i-release ang impormasyon;

3. Buod ng mga patakaran at procedure na dapat sundin ng mga distrito kaugnay ng pag-store, paghahayag sa mga third party, pagpapanatili, at pagsira ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan; at
4. Paglalarawan ng lahat ng karapatan ng mga magulang at mag-aaral kaugnay ng impormasyong ito, pati ng mga karapatan sa ilalim ng Batas sa Mga Karapatan sa Edukasyon at Privacy ng Pamilya (FERPA) at mga ipinapatupad nitong batas sa 34 CFR Bahagi 99.

Bago ang anumang pangunahing pambuong-estadong aktibidad sa pagtukoy, paghahanap, o pagsusuri (na tinatawag ding “child find”), dapat maglathala ng abiso sa mga pahayagan o dapat mag-anunsyo sa iba pang media, o pareho, nang may sirkulasyong sapat para maabisuhan ang mga mag-aaral sa buong estado tungkol sa aktibidad na maghanap, tumukoy, at sumuri ng mga batang nangangailangan ng special education at mga kaugnay na serbisyo.

Mga Karapatan sa Pag-access

34 CFR §300.613-617; WAC 392-172A-05190–05210

May karapatan kang siyasatin at suriin ang mga talaan sa edukasyon ng iyong anak na kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit ng iyong distrito ng paaralan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Dapat sumunod ang distrito sa kahilingan mong siyasatin at suriin ang anumang talaan sa edukasyon kaugnay ng iyong anak nang walang hindi makatuwirang pagkaantala at bago ang anumang meeting kaugnay ng isang IEP, o anumang walang kinikilingang pagdinig para sa due process (pati ang isang meeting para sa paglutas o pagdinig para sa due process sa special education kaugnay ng pagdidisiplina), at nang hindi hihigit sa 45 araw pagkatapos mong gawin ang kahilingan.

Kasama sa iyong karapatan na siyasatin at suriin ang mga talaan sa edukasyon ang:

1. Iyong karapatan na makakuha ng sagot mula sa distrito para sa iyong mga makatuwirang kahilingan para sa mga paliwanag at interpretasyon ng mga talaan;
2. Iyong karapatan na hilingin sa distrito na paaralan na magbigay ng mga kopya ng mga talaan kung hindi mo epektibong masisiyasat at masusuri ang mga talaan kung wala ang mga kopyang iyon; at
3. Iyong karapatan na ipasiyasat at ipasuri ang mga talaan sa iyong kinatawan.

Ipagpapalagay ng distrito na mayroon kang awtoridad na siyasatin at suriin ang mga talaang nauugnay sa iyong anak, maliban na lang kung aabisuhan ito na wala kang awtoridad sa ilalim ng naaangkop na batas ng estado na nangangasiwa sa mga usapin gaya ng guardianship, hiwalayan, at diborsyo.

Talaan ng Pag-access

Ang bawat distrito ng paaralan ay dapat magpanatili ng talaan ng mga panig na hihingi ng access sa mga kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit na talaan sa edukasyon sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA, pati ng pangalan ng panig, petsa ng pagbibigay ng access, at pinahintulutang layunin ng panig sa paggamit sa mga talaan. Hindi inaatasan ang mga distrito ng paaralan na panatilihin ang talaan ng pag-access na ito para sa mga magulang o awtorisadong empleyado ng distrito ng paaralan.

Mga Talaan sa Mahigit sa Isang Anak

Kung may anumang talaan sa edukasyon na may impormasyon tungkol sa mahigit sa isang mag-aaral, may karapatan kang siyasatin at suriin ang impormasyon lang na nauugnay sa iyong anak, o na maipabatid sa iyo ang nasabing impormasyon kung hind maipapakita sa iyo ng distrito ang impormasyon nang hindi naibubunyag ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan ng iba pang mag-aaral.

Listahan ng Mga Uri at Lokasyon ng Impormasyon

Kung hihilingin mo, dapat kang bigyan ng distrito ng paaralan ng listahan ng mga uri at lokasyon ng mga talaan sa edukasyon na kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit ng distrito ng paaralan.

Mga Bayarin

Puwedeng maningil ang distrito ng paaralan para sa mga kopya ng mga talaang gagawin para sa iyo sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA kung hindi makakapigil sa iyo ang nasabing bayad na gamitin ang karapatan mong siyasatin at suriin ang mga talaang iyon. Hindi ito puwedeng maningil para maghanap o kumuha ng impormasyon sa ilalim ng IDEA.

Pagsusog ng Mga Talaan Kapag Hiniling ng Magulang 34 CFR §300.618–§300.621; WAC 392-172A-05215

Kung sa palagay mo ay mali, mapanloko, o lumalabag sa privacy o iba pang karapatan ng iyong anak ang impormasyon sa mga kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit na talaan sa edukasyon kaugnay ng iyong anak, may karapatan kang hilingin sa distrito na baguhin ang nasabing impormasyon.

Dapat pagpasyahan ng distrito kung babaguhin nito ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan sa loob ng makatuwirang tagal ng panahon pagkatapos nitong matanggap ang iyong kahilingan.

Oportunidad para sa Pagdinig, Mga Procedure ng Pagdinig, at Resulta ng Pagdinig

Kung tatanggi ang iyong distrito ng paaralan na baguhin ang impormasyon alinsunod sa iyong kahilingan, dapat nitong ipabatid sa iyo ang pasyang iyon, at dapat ka nitong abisuhan tungkol sa karapatan mo sa isang pagdinig ng distrito.

May karapatan kang humiling ng pagdinig para kuwestiyunin ang impormasyon sa mga talaan sa edukasyon ng iyong anak para matiyak na hind ito mali, mapanloko, o lumalabag sa privacy o iba pang karapatan ng iyong anak. Ang pagdinig para salungatin ang impormasyon sa mga talaan sa edukasyon ay dapat isagawa alinsunod sa mga procedure sa pagdinig ng distrito sa ilalim ng FERPA. Ito ay hindi isang pagdinig para sa due process sa special education.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ay mapagpapasyahan ng distrito na mali, mapanloko, o lumalabag sa privacy o iba pang karapatan ng mag-aaral ang nasabing impormasyon, dapat nitong baguhin ang impormasyon gaya ng nararapat at dapat nitong ipabatid sa iyo ang mga pagbabagong iyon sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung, bilang resulta ng pagdinig, ay mapagpapasyahan ng distrito na hindi mali, mapanloko, o lumalabag sa privacy o iba pang karapatan ng iyong anak ang nasabing impormasyon, dapat nitong ipabatid sa iyo na may karapatan kang maglagay ng pahayag sa mga talaan sa edukasyon ng iyong anak na nagkokomento sa impormasyon o nagsasaad sa anumang dahilan ng hindi mo pagsang-ayon sa pasya ng distrito.

Kung pipiliin mong maglagay ng pahayag sa mga talaan ng iyong anak, ang pahayag ay dapat:

1. Panatilihin ng distrito bilang bahagi ng mga talaan ng iyong anak, hangga't pinapanatili ang talaan o ang kinukuwestiyong bahagi; at
2. Kung ihahayag ng distrito ang mga talaan ng iyong anak o ang kinukuwestiyong bahagi sa anumang panig, dapat ding ihayag ang nasabing pahayag sa panig na iyon.

Pahintulot para sa Paghahayag ng Impormasyong Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan

34 CFR §300.622; WAC 392-172A-05225

Dapat hingin ang iyong nakasulat na pahintulot bago maghayag ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa ibang tao, maliban na lang kung pinapahintulutan na ihayag ang impormasyong nakapaloob sa mga talaan sa edukasyon ng iyong anak nang walang pahintulot ng magulang sa ilalim ng FERPA. Sa pangkalahatan, hindi kinakailangan ang pahintulot mo bago mag-release ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal o kalahok na ahensya para matugunan ang isang pag-aatas ng Bahagi B ng IDEA. Gayunpaman, dapat mahingi ang iyong pahintulot, o ang pahintuloy ng anak mo kung nasa edad na siya ng mayorya, bago mag-release ng impormasyon nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa mga opisyal ng mga kalahok na ahensya na nagbibigay o nagbabayad ng mga serbisyo sa pag-transition. Bukod pa rito, kung pumapasok ang iyong anak sa isang pribadong paaralan, dapat mahingi ang iyong pahintulot bago mag-release ng anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan ng iyong anak sa pagitan ng mga opisyal sa distrito kung nasaan ang pribadong paaralan at mga opisyal sa distrito kung saan nakatira ang iyong anak kung wala kang planong i-enroll ang iyong anak sa tinitirhan mong distrito.

Mga Pag-iingat para sa Impormasyong Nagbibigay ng Personal na Pagkakakilanlan

34 CFR §300.623; WAC 392-172A-05230

Dapat protektahan ng iyong distrito ng paaralan ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa yugto ng pangongolekta, pag-store, paghahayag, at pagsira. Dapat ay may isang opisyal sa distrito ng paaralan na magiging responsable para sa pagiging kumpidensyal ng anumang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan. Ang lahat ng taong nangongolekta o gumagamit ng impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan ay dapat sanayin o turuan kaugnay ng pagiging kumpidensyal sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA at FERPA.

Ang bawat distrito ng paaralan ay dapat magpanatili, para sa pagsisiyasat ng publiko, ng updated na listahan ng mga pangalan at posisyon ng mga empleyadong iyon sa ahensya na posibleng may

access sa impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan.

Pagsira, Pagpapanatili, at Pag-store ng Impormasyon 34 CFR §300.624; WAC 392-172A-05235

Dapat ipaalam sa iyo ng iyong distrito ng paaralan kapag hindi na kinakailangan ang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan na kinokolekta, pinapanatili, o ginagamit para magbigay ng mga serbisyo sa edukasyon sa iyong anak.

Kapag hindi na kinakailangan, dapat sirain ang impormasyon kapag hiniling mo. Gayunpaman, puwedeng magpanatili, nang walang limitasyon sa panahon, ng isang permanenteng talaan ng pangalan, address, numero ng telepono, mga grado, talaan ng attendance, pinasukang klase, natapos na baitang, at natapos na taon ng iyong anak.

Ang batas ng estado kaugnay ng pagpapanatili ng mga talaan ay nakapaloob sa Kabanata 40.14 Nirebisang Kodigo ng Washington (Revised Code of Washington, RCW). Ang mga procedure sa kung gaano katagal dapat panatilihin ng isang distrito ang mga talaan ay inilalathala ng Dibisyon ng Pamamahala ng Mga Archive at Talaan ng Kalihim ng Estado ng Washington.

Mga Procedure sa Paglutas ng Hindi Pagkakasundo sa Special Education

Isa kang mahalagang kalahok sa lahat ng aspeto ng programa sa special education ng iyong anak. Nagsisimula ang pakikibahaging ito sa paunang referral ng iyong anak. Hinihikayat ka at ang iyong distrito na magtulungan para subukang lutasin ang mga hindi pagkakasundong nakakaapekto sa programa sa special education ng iyong anak. Kapag hindi ninyo nalutas ng iyong distrito ng paaralan ang mga hindi pagkakasundo, marami pang available na opsyon sa paglutas ng hindi pagkakasundo. Ang mga opsyong ito ay pamamagitan, mga reklamo sa komunidad, at walang kinikilingang pagdinig para sa due process.

Pamamagitan

34 CFR § 300.506; WAC 392-172A-05060–05075

Pangkalahatan

Magagamit mo o ng distrito ang mga serbisyo sa pamamagitan nang libre para sa paglutas ng mga problemang nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri, placement sa edukasyon, at pagbibigay ng FAPE sa iyong anak at kapag humiling ng pagdinig para sa due process anumang oras. Ang pamamagitan ay boluntaryo at hindi puwedeng gamitin para tanggihan o iantala ang karapatan mo sa isang pagdinig para sa due process o para tanggihan ang iba pang karapatan sa ilalim ng Bahagi B ng IDEA. Ang mga session ng pamamagitan ay iniiskedyul nang nasa oras at sa isang lokasyong mainam para sa iyo at sa distrito.

Available ang pamamagitan kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika o kung iba ang ginagamit mong paraan ng komunikasyon kapag hiniling, maliban na lang kung malinaw na hindi ito posibleng gawin.

Puwedeng gumawa ang distrito ng paaralan ng mga procedure na mag-aalok sa mga magulang, na hindi gagamit sa proseso ng pamamagitan, ng pagkakataong makipag-meeting, sa isang oras at lokasyong pasok sa iskedyul mo, sa isang hindi interesadong panig:

1. Na may kontrata sa isang naaangkop na alternatibong entity para sa paglutas ng hindi pagkakasundo, o center para sa pagsasanay at impormasyon ng magulang o resource center ng magulang sa komunidad sa estado; at
2. Sino ang magpapaliwanag sa mga benepisyong at manghihikayat sa iyong gamitin ang proseso ng pamamagitan?

Pagiging Walang Kinikilingan ng Tagapamagitan

Ang pamamagitan ay isinasagawa ng isang indibidwal na kwalipikado, walang kinikilingan, at nagsanay sa mga epektibong diskarte sa pamamagitan. Malawak din dapat ang kaalaman ng indibidwal na iyon sa mga batas at regulasyong nauugnay sa pagbibigay ng special education at mga kaugnay na serbisyo. Nakikipagkontrata ang OSPI sa isang panlabas na ahensya para magsagawa ng mga pamamagitan. Pinapanatili ng ahensyang iyon ang listahan ng mga tagapamagitan. Itinatalaga ang mga tagapamagitan sa random random, rotational, iba pang walang kinikilingang batayan. Ang tagapamagitan ay (1) hindi puwedeng empleyado ng OSPI, distrito, o iba pang ahensya ng pamahalaan na nagbibigay ng mga direktang serbisyo sa isang batang pinapatungkulan ng proseso ng pamamagitan, at (2) hindi puwedeng may personal o propesyonal na salungatan ng interes. Ang mga session ng pamamagitan ay iniiskedyul nang nasa oras at sa isang lokasyong mainam para sa iyo at sa distrito.

Mga Napagkakasunduan sa Pamamagitan

Kung may mapagkakasunduan kayo ng distrito, dapat itong idokumento sa isang nakasulat na kasunduan sa pamamagitan na lalagdaan mo o ng isang kinatawan ng distrito na awtorisadong pumasok sa kasunduan may bisa sa ilalim ng batas. Ang mga talakayan sa mga session ng pamamagitan ay kumpidensyal at hindi puwedeng gamitin bilang katibayan sa anumang pagdinig para sa due process o sibil na paglilitis ng anumang pederal na hukuman o hukuman ng estado ng Washington. Nakasaad dapat ito sa nakasulat na kasunduan. Gayunpaman, puwedeng gamitin bilang katibayan ang mismong kasunduan sa pamamagitan. Ang mga kasunduan sa pamamagitan ay may bisa sa ilalim ng batas at naipapatupad sa anumang hukuman ng estado na may hurisdiksiyon o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Mga Pagkakaiba ng Mga Pag-iimbestiga ng Reklamo at Pagdinig para sa Due Process sa Komunidad ng Special Education

Ang mga regulasyon para sa Bahagi B ng IDEA ay may magkakaibang procedure para sa mga reklamo sa estado (reklamo sa komunidad) at pagdinig para sa due process. Puwedeng maghain ng reklamo sa komunidad sa OSPI ang isang indibidwal o organisasyong naghihinala na nalabag ng isang distrito ng paaralan, OSPI, o iba pang pampublikong ahensya ang isang pag-aatas ng Bahagi B, mga panuntunan ng pederal na nakapaloob sa 34 CFR Part 300, o mga regulasyon ng estado na nagpapatupad sa Bahagi B ng IDEA. Ang mga reklamo sa komunidad ay iniimbestigahan ng OSPI, batay sa impormasyon tungkol sa mga paglabag na ibinibigay ng taong naghahain sa reklamo, o distrito ng paaralan o iba pang ahensya na tumutugon sa reklamo. Dapat ihain ang mga

reklamo sa komunidad loob ng isang taon pagkatapos ng pinaghihinalaang paglabag.

Ikaw o ang iyong distrito ng paaralan lang ang puwedeng maghain ng mga kahilingan sa pagdinig para sa due process para sa anumang usaping nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri, o placement sa edukasyon ng iyong anak, o pagbibigay ng libheng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) sa iyong anak. Ang mga pagdinig para sa due process ay isinasagawa ng isang hukom sa pang-administratibong batas (ALJ), na nagtatrabaho sa Tanggapan para sa Mga Pang-administratibong Pagdinig, na isang hiwalay na ahensya ng estado. Sa pangkalahatan, ang mga pagdinig para sa due process ay may testimonya ng mga saksi at introduksyon ng katibayan. Ang mga kahilingan sa pagdinig para sa due process ay dapat ihain sa loob ng dalawang taon pagkatapos ng pinaghihinalaang paglabag (nang may ilang pagbubukod para sa maling representasyon o pag-withhold ng impormasyon.)

Ipinapaliwanag sa ibaba ang mga timeline at procedure sa mga reklamo sa komunidad at pagdinig para sa due process.

Mga Procedure sa Mga Reklamo sa Komunidad

34 CFR §§300.151–300.153; WAC 392-172A-05025–05045

Ang OSPI ay may mga procedure para sa paglutas ng mga reklamo sa estado. Nakapaloob ang mga procedure sa mga regulasyon ng estado, at makikita sa website ang impormasyon kaugnay ng mga reklamo sa estado.

Kung ikaw, ang sinumang indibidwal, o organisasyon ay naniniwala na nalabag ng isang distrito, OSPI, o iba pang entity sa edukasyon na pinapangasiwaan ng IDEA ang Bahagi B ng IDEA, mga regulasyong nagpapatupad sa Bahagi B, o kaukulang regulasyon ng estado, puwede kang maghain ng nakasulat na reklamo sa Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI), Special Education, PO Box 47200, Olympia, WA 98504-7200. Dapat mong bigyan ng kopya ng reklamo ang distrito o iba pang ahensya na nirereklamo mo.

Paghahain ng Reklamo

Ang nakasulat na reklamo ay dapat may lagda mo, o ng tao o organisasyong naghahain sa reklamo, at ng sumusunod na impormasyon:

- Pahayag na may distrito o iba pang ahensya na lumabaga sa pag-aatas ng Bahagi B ng IDEA, mga regulasyon na nagpapatupad sa Bahagi B, kaukulang batas o mga regulasyon ng estado, o pahayag na walang ipinapatupad na kasunduan sa pamamagitan o paglutas ang distrito o iba pang ahensya;
- Pangalan at address ng distrito o iba pang ahensya;
- Pangalan ng mag-aaral, kung partikular sa mag-aaral ang reklamo, at impormasyon sa pakikipag-ugnayan kung walang matirhan ang mag-aaral;
- Pangalan ng paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral;
- Paglalarawan ng problema na may mga partikular na detalye;
- Iminumungkahing solusyon sa problema batay sa pagkabatid at pagiging available ng impormasyong ito sa iyo sa panahon ng paghahain mo ng reklamo; at
- Iyong pangalan, address, at numero ng telepono.

Hindi dapat nangyari ang paglabag nang mahigit sa **isang taon** bago ang petsa ng pagtanggap ng OSPI sa reklamo na nakakatugon sa mga kinakailangan sa itaas.

May ginawang halimbawang form ang OSPI na puwede mong gamitin sa paghahain ng reklamo. Available ang form na ito sa web page na [OSPI – Special Education – Maghain ng Reklamo sa Komunidad – Mga madalas itanong at form para sa paghiling](#). Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito.

Mga Pag-iimbestiga ng Reklamo

Ang OSPI ay dapat mag-iimbestiga at magbigay ng nakasulat na pasya sa loob ng 60 araw ng kalendaryo pagkatapos nitong matanggap ang isang reklamo, maliban na lang kung makatuwiran ang isang extension. Sa unang 60 araw, ang OSPI ay (1) mag-aatas sa distrito na sagutin ang reklamo; (2) magbibigay sa iyo o sa nagrereklamo ng pagkakataong magsumite ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga alegasyon sa reklamo; (3) posibleng magsagawa ng hiwalay na imbestigasyon sa lugar, kung matutukoy ng OSPI na kinakailangan ito; at, (4) susuri sa lahat ng nauugnay na impormasyon at gagawa ng hiwalay na pasya tungkol sa kung nalalabag ba ng distrito o iba pang ahensya ang isang pag-aatas kaugnay ng Bahagi ng IDEA.

Pagsisiyasat, Extension, Nakasulat na Pasya

Puwede lang i-extend ang 60 araw ng kalendaryo na panahon kung: (1) may mga hindi inaasahang sitwasyon hinggil sa isang partikular na reklamo; o (2) ikaw at ang iyong distrito ng paaralan ay boluntaryong sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat para i-extend ang panahon para lutasin ang reklamo sa pamamagitan ng mediation o isang alternatibong paglutas ng hindi pagkakaunawaan para malutas ang hindi pagkakaunawaan.

May ipapadalang nakasulat na pasya sa iyo o sa taong naghain ng reklamo, at sa distrito ng paaralan. Sasagutin ng nakasulat na pasya ang bawat alegasyon. Para sa bawat alegasyon, ang nakasulat na pasya ay magsasaad ng mga finding tungkol sa impormasyon, konklusyon, at mga dahilan para sa pasya, at anumang makatuwirang hakbang sa pagwawasto na maituturing na kinakailangan para malutas ang reklamo kung nagkaroon ng paglabag.

Mga Remedyo sa Reklamo

Kapag nakakita ang OSPI ng paglabag o pagkabigong magbigay ng mga naaangkop na serbisyo sa pamamagitan ng proseso sa pagrereklamo nito, tutukuyin ng pasya ang:

1. Kung paano remedyuhan ang pagtanggap ng mga serbisyo, kasama ang naaangkop, na pagbibigay ng perang reimbursement o iba pang pangwastong pagkilos sa mga pangangailangan ng (mga) mag-aaral; at
2. Naaangkop na probisyon ng mga serbisyo sa special education sa hinaharap para sa lahat ng mag-aaral.

Mga Reklamo at Pagdinig para sa Due Process sa Komunidad ng Special Education

Kung may matatanggap na reklamo sa komunidad, at napapailalim din ito sa pagdinig para sa due process o kung maraming isyu ang reklamo, at ang isa o higit pa sa mga isyung iyon ay bahagi ng isang pagdinig para sa due process, dapat iisantabi (hindi imbestigahan) ng OSPI ang anumang

bahagi ng reklamong tinutugunan sa pagdinig para sa due process hanggang sa matapos ang pagdinig. Ang anumang isyu sa reklamo na hindi bahagi ng pagdinig para sa due process ay dapat malutas sa mga timeline ng reklamo.

Kung ang sinabing isyu sa isang reklamo ay dati nang napagpasyahan sa isang pagdinig para sa due process na may kaugnayan sa parehong mga panig, magkakaroon ng bisa ang pasya sa pagdinig at dapat sabihan ng OSPI ang nagreklamo na posibleng hindi maimbestigahan ang isyung iyon.

Dapat lutasin ng OSPI ang isang isyung nagpapatang na hindi nagawa ng isang distrito na ipatupad ang pasya sa due process.

Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process

34 CFR §§300.507-300.513; WAC 392-172A-05080–05125

Pangkalahatan

Ikaw o ang distrito ng paaralan ay puwedeng maghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process tungkol sa anumang usaping nauugnay sa pagtukoy, pagsusuri, o pang-edukasyong placement ng iyong anak o pagbibigay ng FAPE sa iyong anak. Dapat abisuhan ka ng distrito tungkol sa anumang libre o murang legal at iba pang nauugnay na serbisyong available sa lugar kapag naghain ng isang kahilingan sa pagdinig para sa due process o kapag hiniling mo ang impormasyong ito. Para sa mga procedure ng pagdinig para sa due process, kasama sa “ikaw” ang iyong abugado kung mayroon ka nito, at kasama sa “distrito” ang abugado ng distrito kung ang distrito ay kinakatawan ng isang abugado.

Paghahain

Para humiling ng isang pagdinig, ikaw ao ang distrito ay dapat magsumite ng kahilingan sa pagdinig para sa due process sa kabilang panig. Nakasaad dapat sa kahilingang iyon ang lahat ng nilalaman na nakalista sa ibaba at dapat itong panatiling kumpidensyal.

Ikaw o ang distrito, sinuman ang naghain ng kahilingan, ay dapat ding magbigay sa itinalaga ng OSPI, sa Tanggapan ng Mga Pang-administratibong Pagdinig (Office of Administrative Hearings, OAH), ng kopya ng kahilingan sa pagdinig sa sumusunod na address:

Office of Administrative Hearings
600 University Street, Suite 1500
Seattle, WA 98101-3126
Fax: 206-587-5135

Kasama dapat sa kahilingan sa due proces ang:

1. Pangalan ng mag-aaral;
2. Address ng tirahan ng mag-aaral;
3. Pangalan ng paaralan ng mag-aaral;
4. Kung ang mag-aaral ay walang tirahan na bata o kabataan, ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa mag-aaral;
5. Paglalarawan ng uri ng problema, kasama ang mga detalyeng nauugnay sa problema; at

6. Isang iminumungkahing kalutasan ng problema hanggang sa limitasyon nalalaman at available sa iyo o sa distrito sa panahong iyon.

Abisong Kinakailangan Bago ang Pagdinig sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process

Ikaw o ang distrito ay hindi magkakaroon ng pagdinig para sa due process hanggang ikaw o ang distrito ay makapagbigay ng kahilingan sa pagdinig para sa due process sa kabilang panig at nakapagbigay sa OAH ng kopya ng kahilingan na may impormasyong nakalista sa itaas.

Pagiging Sapat ng Kahilingan sa Pagdinig

Para maipagpatuloy ang isang kahilingan sa pagdinig para sa due process, dapat itong maituring na sapat. Kapag sinabing *sapat*, natutugunan ang mga ipinag-aatas sa nilalaman nakasaad sa itaas sa *Paghahain*. Ituturing na sapat ang kahilingan sa pagdinig para sa due process maliban na lang kung maabisuhan ng panig na nakatanggap sa kahilingan sa pagdinig para sa due process ang ALJ at ang kabilang panig sa pamamagitan ng pagsulat, sa loob ng 15 araw ng kalendaryo, na naniniwala ang tumanggap na panig na hindi sapat ang kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Sa loob ng limang araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng abiso sa hindi pagiging sapat, dapat magpasya ang ALJ kung natutugunan ng kahilingan sa pagdinig para sa due process ang mga ipinag-aatas na nakalista sa itaas, at abisuhan ka at ang distrito kaagad sa pamamagitan ng pagsulat.

Pag-amyenda sa isang Kahilingan sa Pagdinig

Ikaw o ang distrito ay puwede lang gumawa ng mga pagbabago sa kahilingan sa pagdinig kung:

1. Aaprubahan ng panig ang mga pagbabago sa pamamagitan ng pagsulat at mabibigyan ka ng pagkakataong lutasin ang kahilingan sa pagdinig sa pamamagitan ng meeting para sa paglutas (kung ikaw, ang magulang, ang humiling sa pagdinig sa due process), na inilalarawan sa ibaba; o kaya
2. Nang hindi lampas limang araw bago magsimula ang pagdinig sa due process, magbibigay ang opisyal sa pagdinig ng pahintulot para sa mga pagbabago.

Kung ikaw ang panig na humihiling ng pagdinig at gumawa ka ng mga pagbabago sa kahilingan sa pagdinig para sa due process, magsisimula ulit ang mga timeline ng meeting para sa paglutas at ang yugto ng panahon para sa paglutas (Tingnan ang: *Proseso ng Paglutas*) sa petsa kung kailan inihain ang naamyendahang kahilingan, o sa petsa ng pagpapahintulot ng ALJ sa kahilingan.

Tugon ng Distrito sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process

Kung hindi nagpadala ang distrito ng nakasulat na paunang abiso sa iyo, ayon sa inilalarawan sa heading na *Nakasulat na Paunang Abiso*, hinggil sa usaping nakasaad sa iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process, sa loob ng 10 araw mula sa pagtanggap ng kahilingan sa pagdinig para sa due process, dapat magpadala sa iyo ang distrito ng isang tugon na naglalaman ng mga sumusunod:

1. Isang paliwanag kung bakit iminungkahi o tinanggihan ng distrito ang idinulog na pagkilos sa kahilingan sa pagdinig para sa due process;
2. Isang paglalarawan ng iba pang opsyong isinaalang-alang ng IEP team ng iyong anak at ang mga dahilan kung bakit tinanggihan ang mga opsyong iyon;
3. Isang paglalarawan ng bawat procedure ng pagsusuri, assessment, talaan, o ulat na ginamit ng distrito bilang batayan para sa iminumungkahi o tinanggihang pagkilos; at
4. Isang paglalarawan ng iba pang salik na nauugnay sa iminumungkahi o tinanggihang pagkilos ng distrito.

Puwede pa ring sabihin ng isang distrito na hindi sapat ang iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process kahit nakasaad dito ang impormasyon sa mga item 1–4 sa itaas.

Tugon ng Kabilang Panig sa isang Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process

Maliban sa mga pinabilis na pagdinig para sa due process sa pagdidisiplina, na tinatalakay sa seksyong ito, *Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process sa Pagdidisiplina*, sa loob ng 10 araw mula sa pagtanggap sa kahilingan, ang tumanggap na panig ng kahilingan sa pagdinig sa due process, ay dapat magpadala sa kabilang panig ng tugon na partikular na tumutugon sa mga isyu sa kahilingan. Puwede pa ring sabihin ng alinmang panig na hindi sapat ang kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Mga Halimbawang Form

34 CFR §300.509; WAC 392-172A-05085

Gumawa ang OSPI ng modelong form sa kahilingan sa pagdinig para sa due process para tulungan ka sa paghahain ng kahilingan sa isang pagdinig para sa due process. Available ang form sa web page na [OSPI – Special Education – Humiling ng Pagdinig para sa Due Process – Mga madalas itanong at mga form para sa paghiling](#).

Hindi mo kailangang gamitin ang form na ito. Gayunpaman, puwedeng tanggihan o iantala ang iyong karapatan para sa isang pagdinig para sa due process kung hindi kasama sa kahilingan sa pagdinig para sa due process ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Puwede ka ring kumuha ng kopya ng form para sa kahilingan sa pagdinig sa departamento ng special education ng iyong distrito.

Placement ng Mag-aaral Habang Nakabinbin ang Pagdinig para sa Due Process

34 CFR §300.518; WAC 392-172A-05125

Maliban na lang kung nakasaad sa ibaba sa heading na *Mga Pandisiplinang Procedure para sa Mga Mag-aaral na Kwalipikado sa Special Education*, kapag ang isang kahilingan sa pagdinig para sa due process ay ipinadala sa kabilang panig, sa yugto ng panahon ng proseso ng paglutas, at habang naghahintay sa pasya ng anumang walang kinikilingang pagdinig para sa due process o paglilitis sa hukumang kinauugnayan ng apela para sa pasya ng ALJ, dapat manatili ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang pang-edukasyong placement maliban na lang sumang-ayon kayo ng

distrito na hindi ganito ang gawin.

Hindi pinagbabawalan ng status ng mag-aaral sa panahon ng mga paglilitis para sa due process ang IEP team sa pagdalo sa meeting, ayon sa kinakailangan o ayon sa ipinag-aatas. Puwedeng i-update at ipatupad ng IEP team ang IEP ng mag-aaral maliban na lang kung may hindi pagkakaunawaan sa mga pagbabagong ito.

Kung nauugnay ang kahilingan sa pagdinig para sa due process sa isang aplikasyon para sa inisyal na admission sa pampublikong paaralan, sa pamamagitan ng iyong pahintulot, dapat ilagay ang iyong anak sa regular na programa ng pampublikong paaralan hanggang sa matapos ang lahat ng nasabing paglilitis.

Kung nauugnay ang kahilingan sa pagdinig para sa due process sa probisyon ng mga inisyal na serbisyo sa ilalim ng Part B ng IDEA, para sa iyong anak, na nagtatransisyon mula sa Part C ng IDEA papunta sa Part B ng IDEA, at hindi na kwalipikado sa mga serbisyo ng Part C dahil tatlong taong gulang na ang iyong anak, hindi inaatasan ang distritong ibigay ang mga serbisyo ng Part C na natatanggap niya. Kung mapapatunayanng kwalipikado ang iyong anak para sa Part B ng IDEA at kung magbibigay ka ng pahintulot para makatanggap ang iyong anak ng special education at nauugnay na serbisyo sa unang pagkakataon, ibig sabihin, habang nakabinbin ang resulta ng mga paglilitis, dapat ibigay ng distrito ang mga special education at nauugnay na serbisyong iyon na wala sa hindi pagkakaunawaan sa pagitan mo at ng distrito.

Kung makakaabot ang ALJ sa isang pasyang naaangkop ang pagbabago ng placement, dapat ituring ang pasya hinggil sa placement bilang isang kasunduan sa pagitan mo at ng distrito ng paaralan para sa mga layunin ng placement sa panahon ng anumang apela sa hukuman ng pasya sa due process.

Proseso ng Paglutas

34 CFR §300.510; WAC 392-172A-05090

Meeting para sa Paglutas

Sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula ng paghahain mo ng iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process sa distrito at OAH, ang distrito ay dapat mag-iskedyul ng meeting sa iyo at sa nauugnay na miyembro o mga miyembro ng IEP team, na may partikular na kaalaman ng impormasyong tinukoy sa iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process. Dapat isagawa ang meeting na ito bago magsimula ang timeline ng pagdinig para sa due process, maliban na lang kung sasang-ayon ka at ang distrito sa mediation o sumasang-ayon kayo na i-waive ang meeting para sa paglutas. Ang meeting ay:

1. Dapat may kinatawan ng distrito na may awtoridad sa pagpapasya sa ngalan ng distrito; at
2. Hindi puwedeng magkaroon ng abugado ng distrito maliban na lang kung may kasama kang abugado.

Layunin sa meeting na talakayin mo ang iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process at impormasyong pinagbatayan sa kahilingan, para magkaroon ang distrito ng oportunidad na lutasin ang hindi pagkakaunawaan. Ikaw at ang distrito ang tutukoy sa mga nauugnay na miyembro ng IEP team para dumalo sa meeting para sa paglutas.

Hindi kinakailangan ang meeting para sa paglutas kung:

1. Ikaw at ang distrito ay sasang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na i-waive ang meeting; o
2. Sumasang-ayon ka at ang distrito na gamitin ang proseso ng mediation, ayon sa inilalarawan sa heading na *Mediation*.

Panahon ng Paglutas

Kung hindi ka kuntento sa pagkakatapos ng distrito sa kahilingan sa pagdinig para sa due process, 30 araw ng kalendaryo mula sa pagbibigay mo ng kahilingan sa pagdinig para sa due process sa distrito at OAH, puwedeng isagawa ang pagdinig para sa due process.

Ang 45 araw ng kalendaryo na timeline para sa pagbibigay ng pinal na pasya ay magsisimula sa pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng paglutas, nang may mga partikular na pagbubukod para sa mga pagsasaayos na ginawa sa 30 araw ng kalendaryo na panahon ng paglutas, gaya ng inilalarawan sa ibaba.

Maliban na lang kung sumang-ayon ka at ang distrito na i-waive ang proseso ng paglutas o gumamit ng mediation, iaantala ng hindi mo paglahok sa meeting para sa paglutas ang mga timeline para sa proseso ng paglutas at pagdinig para sa due process, hanggang sa sumang-ayon kang lumahok sa isang meeting.

Kung hindi makukuha ng distrito ang iyong paglahok sa meeting para sa paglutas pagkatapos magsagawa ng mga makatuwirang pagsisikap at pagsasadokumento ng mga pagsisikap na iyon, pagkatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng paglutas, puwedeng humiling ang distrito na i-dismiss ng ALJ ang iyong kahilingan sa pagdinig para sa due process. Dapat isadokumento ng distrito ng paaralan ang mga pagsubok nito na magkasundo sa iisang oras at lugar para sa meeting para sa paglutas. Kasama dapat sa talaan ng dokumentasyon ang mga pagsubok, gaya ng:

1. Mga detalyadong talaan ng mga ginawa o sinubukang pagtawag at resulta ng mga tawag na iyon;
2. Mga kopya ng pakikipag-ugnayang ipinadala sa iyo at anumang natanggap na sagot; at
3. Mga detalyadong talaan ng mga pagbisita sa iyong bahay o trabaho at resulta ng mga pagbisitang iyon.

Kung hindi makakapagsagawa ang distrito no meeting para sa paglutas sa loob ng 15 araw ng kalendaryo mula sa pagbibigay mo ng kahilingan sa pagdinig para sa due process sa distrito at OAH, hindi nakalahok ang distrito sa meeting para sa paglutas, puwede mong hilingin sa ALJ na ipag-utos ang pagsisimula ng 45 na araw ng kalendaryo sa timeline ng proseso sa pagdinig.

Mga Pagsasaayos sa Panahon ng Paglutas na May 30 Araw ng Kalendaryo

Kung ikaw at ang distrito ay sasang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat, na i-waive ang meeting para sa paglutas, magsisimula an 45 araw ng kalendaryong timeline ng pagdinig para sa due process sa susunod na araw.

Pagkatapos ng pagsisimula ng mediation o meeting para sa paglutas at bago ang pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahong ng paglutas, kung sasang-ayon ka at ang distrito sa pamamagitan ng pagsulat na walang posibleng maging kasunduan, magsisimula ang 45 araw ng

kalendaryong timeline ng pagdinig para sa due process sa susunod na araw.

Kung sasang-ayon ka at ang distrito na gamitin ang proseso ng mediation, pero hindi pa kayo nagkasundo, sa pagtatapos ng 30 araw ng kalendaryo na panahon ng paglutas, puwedeng sumang-ayon ang dalawang panig sa pamamagitan ng pagsulat na ipagpatuloy ang mediation hanggang sa magkaroon ng kasunduan. Gayunpaman, kung sinuman sa inyo ng distrito ang aalis sa proseso ng mediation, magsisimula ang 45 araw ng kalendaryong timeline ng pagdinig para sa due process sa susunod na araw.

Nakasulat na Kasunduan sa Settlement

Kung malulutas mo at ng distrito ang hindi pagkakaunawaan sa meeting para sa paglutas, dapat magkasundo kayo ng distrito sa isang legal na may bisang kasunduan na:

1. Nilagdaan mo at ng isang kinatawan ng distrito na may awtoridad na makipagkasundo para sa distrito; at
2. Maipapatupad sa anumang Washington State Superior Court na may nauugnay na hurisdiksiyon o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos.

Panahon ng Pagsusuri sa Kasunduan

Kung ikaw at ang distrito ay magkakasundo pagkatapos ng isang meeting para sa paglutas, puwede ninyong ipawalang-bisa ng distrito ang kasunduan sa loob ng tatlong araw ng negosyo mula sa panahon na ikaw at ang distrito ay lumagda sa kasunduan.

Walang Kinikilingang Pagdinig para sa Due Process 34 CFR §300.511; WAC 392-172A-05080; WAC 192-172A-05090–05100; WAC 392-172A-05160

Pangkalahatan

Sa tuwing naghahain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process, ikaw o ang distritong nauugnay sa hindi pagkakaunawaan ay dapat magkaroon ng oportunidad para sa isang walang kinikilingang pagdinig para sa due process.

Hukom sa Pang-administratibong Batas (Administrative Law Judge, ALJ)

Ang pagdinig ay isasagawa ng isang kwalipikadong independent na ALJ, na nagtatrabaho sa Office of Administrative Hearings (OAH).

Sa minimum, ang isang ALJ ay:

1. Hindi dapat empleyado ng OSPI o ng distritong nauugnay sa edukasyon o pangangalaga ng bata. Gayunpaman, ang isang tao ay hindi isang empleyado ng ahensya dahil lang binabayaran siya ng ahensya para maglingkod bilang ALJ;
2. Wala dapat personal o propesyonal na interes na sumasalungat sa objectivity ng ALJ sa pagdinig;

3. Dapat may malawak na kaalaman at pag-unawa sa mga probisyon ng IDEA, at mga pederal at pang-estadong regulasyong tumutukoy sa IDEA, at mga legal na interpretasyon ng IDEA ng mga pederal at pang-estadong hukuman; at
4. May kaalaman at kakayahang magsagawa ng mga pagdinig, at gumawa ng mga nakasulat na pasya, na nauugnay sa naaangkop at pamantayang legal na kasanayan.

Nagpapanatili ang OSPI ng listahan ng mga taong naglilingkod bilang ALJ, na may pahayag ng mga kwalipikasyon para sa bawat tao.

Paksa ng Pagdinig para sa Due Process

Ang panig na humiling sa pagdinig para sa due process ay hindi puwedeng magdulog ng mga isyu sa pagdinig para sa due process na hindi inilalahad sa kahilingan sa pagdinig para sa due process, maliban na lang kung sasang-ayon ang kabilang panig.

Timeline ng Paghiling ng Pagdinig

Ikaw o ang distrito ay dapat maghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process sa loob ng dalawang taon mula sa petsa na nalaman mo o ng distrito, o dapat nalaman ninyo, ang tungkol sa mga isyung inilalahad sa kahilingan sa pagdinig.

Mga Pagbubukod sa Timeline

Hindi nalalapat ang timeline sa itaas kung hindi ka makakapaghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process dahil sa:

1. Partikular na maling inilalahad ng distrito na nalutas nito ang problema o isyung idinudulog mo sa iyong kahilingan sa pagdinig; o
2. Nagtago ng impormasyon ang distrito mula sa iyo na ipinag-aatas nitong ibigay sa iyo alinsunod sa Part B ng IDEA.

Mga Karapatan sa Pagdinig

34 CFR §300.512; WAC 392-172A-05100

Pangkalahatan

May karapatan kang katawanin ang iyong sarili sa isang pagdinig para sa due process (kasama ang pagdinig na nauugnay sa mga pandisipling procedure). Ikaw at ang distrito ng paaralan, bilang mga panig sa isang pagdinig para sa due process (kasama ang isang pagdinig na nauugnay sa mga pandisiplinang procedure), ay may karapatan na:

1. Katawanin ng isang abugado, at masamahan at mapayuhan ng mga taong may espesyal na kaalaman at pagsasanay hinggil sa mga problema ng mga mag-aaral na may kapansanan;
2. Maglahat ng ebidensya at magtanong, mag-cross examine, at mangailangan ng pagdalo ng mga saksi;
3. Ipagbawal ang paglalahad ng anumang ebidensya sa pagdinig na hindi naibunyag sa kabilang panig nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagdinig;
4. Makakuha ng nakasulat, o, sa iyong kagustuhan, ng electronic, word-for-word na record ng pagdidinig; at
5. Makakuha ng nakasulat, o, sa iyong kagustuhan, ng electronic na mga finding at pasya.

Karagdagang Paghahayag ng Impormasyon

Hindi bababa sa limang araw bago ang isang pagdinig para sa due process, ikaw at ang distrito ay dapat magbunyag sa isa't isa ng lahat ng iba pang pagsusuring ginawa bago ang petsang iyon at mga rekomendasyon batay sa mga pagsusuring iyon na layunin mo o ng distrito na gamitin sa pagdinig.

Puwedeng pigilan ng ALJ ang sinumang panig na hindi makakasunod sa ipinag-aatas na ito sa paglalahad ng nauugnay na pagsusuri o rekomendasyon sa pagdinig nang walang pahintulot ng kabilang panig.

Mga Karapatan ng Magulang sa Mga Pagdinig

Dapat kang mabigyan ng karapatan na:

1. Makadalo ang iyong anak;
2. Buksan ang pagdinig sa publiko; at
3. Makakuha ng record ng pagdinig, mga finding at pasya na ibibigay sa iyo nang libre.

Mga Timeline at Kaginhawaan sa Mga Pagdinig

34 CFR §300.515; WAC 392-172-05110

Hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ang pag-expire ng 30 araw ng kalendaryo na panahon para sa mga meeting para sa paglutas, hindi lalampas sa 45 araw ng kalendaryo pagkatapos ng pag-expire ng isinaayos na yugto ng panahon ng paglutas:

1. Isang pinal na pasya ang mabubuo sa pagdinig; at
2. Isang kopya ng pasya ang ipapadala sa bawat panig.

Puwedeng pahintulutan ng isang ALJ ang mga partikular na extension ng panahon nang lampas sa 45 araw ng kalendaryo na panahon na inilalarawan sa itaas sa kahilingan ng anumang panig.

Ang bawat pagdinig ay dapat isagawa sa oras at lugar na makatuwirang mapupuntahan mo at ng iyong anak.

Mga Pasya sa Pagdinig

34 CFR § 300.513; WAC 392-172-05100–05105

Pasya ng ALJ

Ang pasya ng isang ALJ tungkol sa kung ang iyong anak ay nakatanggap ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (free appropriate public education, FAPE) ay dapat nakabatay sa makatuwirang ebidensya.

Sa mga pagdinig kung saan pinaparatangan mo na gumawa ang distrito ng paglabag sa procedure, puwede lang mapag-alaman ng isang ALJ na hindi nakatanggap ang iyong anak ng FAPE kung ang mga hindi kasapatan sa procedure ay:

1. Nakasagabal sa karapatan para sa FAPE ng iyong anak;
2. Nakasagabal nang husto sa iyong oportunidad sa proseso ng pagpapasya hinggil sa probisyon ng isang FAPE sa iyong anak; o

3. Nagdulot ng kakulangan sa isang benepisyo sa edukasyon.

Clause sa Construction

Kahit hindi makakit ang ALJ ng paglabag sa FAPE, puwede pa ring utusan ng ALJ ang distrito na sumunod sa mga ipinag-aatas sa seksyong Mga Procedural Safeguard ng mga pederal na regulasyon sa ilalim ng Part B ng IDEA (34 CFR §§300.500 hanggang 300.536).

Hiwalay na Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process

Puwede kang maghain ng hiwalay na kahilingan sa pagdinig para sa due process tungkol sa isang isyu na hiwalay sa naihain nang kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Mga Finding at Pasya sa Tagapayong Panel at Pangkalahatang Publiko

Ide-delete ng OSPI ang anumang personal na nakakapagpakilalang impormasyon, at:

1. Magbibigay ng mga finding at pasya sa mga pagdinig para sa due process sa Washington's Special Education Advisory Committee (SEAC); at
2. Gagawin nitong available sa publiko ang mga finding at pasya.

Pagiging Pinal ng Pasya; Apela

34 CFR §300.514; WAC 392-172A-05115

Ang isang pasyang ginawa sa isang pagdinig para sa due process (kasama ang pagdinig na nauugnay sa mga pandisiplinang procedure) ay pinal, maliban na lang kung iapela ng anumang panig (ikaw o ang distrito) na nauugnay sa pagdinig ang pasya sa pamamagitan ng pagdudulog ng sibil na pagkilos, ayon sa inilalarawan sa ibaba.

Mga Sibil na Pagkilos, Kasama ang Yugto ng Panahon para sa Paghahain sa Mga Pagkilos na Iyon

34 CFR §300.516; WAC 392-172A-05115

Pangkalahatan

Kung hindi sumasang-ayon ang magkabilang panig sa mga finding at pasya sa pagdinig para sa due process (kasama ang isang pagdinig na nauugnay sa mga pandisiplinang procedure), may karapatan ang panig na iyon na magdulog ng sibil na pagkilos hinggil sa usaping paksa ng pagdinig para sa due process. Ang pagkilos ay puwedeng idulog sa isang hukuman ng estado na may nauugnay na hurisdiksyon (isang hukuman ng estado na may awtoridad para litisin ang ganitong uri ng kaso) o sa isang hukuman ng distrito ng Estados Unidos. May awtoridad ang mga hukuman ng distrito ng Estados Unidos para magpasya sa mga pagkilos na idinulog sa ilalim ng Part B ng IDEA nang hindi isinasaalang-alang ang halaga ng hindi pagkakaunawaan.

Limitasyon sa Oras

Ang panig na nagdulog ng pagkilos ay magkakaroon ng **90** araw ng kalendaryo mula sa petsa ng pasya ng ALJ para maghain ng sibil na pagkilos.

Mga Karagdagang Procedure

Sa anumang sibil na pagkilos, ganito ang gagawin ng hukuman:

1. Tatanggapin ang mga talaan ng mga pang-administratibong paglilitis;
2. Diringgin ang karagdagang ebidensya, kung hihilingin mo o kung hihilingin ng distrito; at
3. Ibabatay ang pasya nito sa preponderance ng ebidensya at ibibigay ang tulong na matutukoy na naaangkop ng hukuman.

Panuntunan sa Construction

Wala sa Part B ng IDEA ang naghigpit o naglilimita sa mga karapatan, procedure, at remedyong available sa Konstitusyon ng U.S., ang Americans with Disabilities Act of 1990, Titulo V ng Rehabilitation Act of 1973 (Seksyon 504), o iba pang pederal na batas na nagpoprotekta sa mga karapatan ng mga mag-aaral na may kapansanan. Gayunpaman, kung maghahain ka ng sibil na pagkilos sa ilalim ng mga batas na ito at humihingi ka ng tulong na available sa Part B ng IDEA, dapat gamitin ang mga procedure ng pagdinig para sa due process na inilalarawan sa itaas hanggang sa parehong limitasyong kinakailangan kung naghain ka ng pagkilos sa ilalim ng Part B ng IDEA. Ang ibig sabihin nito, posibleng mayroong mga available na remedyo para sa iyo sa ilalim ng iba pang batas na nag-overlap sa mga batas na available sa ilalim ng IDEA, ngunit sa pangkalahatan, para makakuha ng tulong sa ilalim ng iba pang batas na iyon; dapat mo munang gamitin ang mga procedure sa walang kinikilingang pagdinig para sa due process para makuha ang mga remedyong available sa IDEA bago direktang pumunta sa hukuman.

Mga Bayarin sa Abugado

34 CFR §300.517; WAC 392-172A-05120

Pangkalahatan

Kung mananaig (mananalo) ka sa sibil na pagkilos at kinakatawan ka ng isang abugado, ang hukuman, sa kagustuhan nito, ay puwedeng magbigay ng makatuwirang bayarin sa abugado bilang bahagi ng mga gastos sa iyo.

Sa anumang pagkilos o paglilitis na idinulog sa ilalim ng Part B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay puwedeng magbigay ng makatuwirang bayarin sa abugado bilang bahagi ng mga gastos sa isang nanalong distrito ng paaralan o OSPI, na babayaran gn iyong abugado, kung ang abugado ay: (a) naghain ng reklamo o kaso sa hukuman na sasabihin ng hukuman na walang kabuluhan, hindi makatuwiran, o walang pamantayan; • (b) nagpatuloy sa litigasyon pagkatapos malinaw na maging walang kabuluhan, hindi makatuwiran, o walang pamantayan ng litigasyon; o

Sa anumang pagkilos o paglilitis na idinulog sa ilalim ng Part B ng IDEA, ang hukuman, sa pagpapasya nito, ay puwedeng magbigay ng makatuwirang bayarin sa abugado bilang bahagi ng mga gastos sa isang nanalong distrito ng paaralan o OSPI, na babayaran mo o ng iyong abugado, kung ang iyong kahilingan para sa isang pagdinig para sa due process hearing o kaso sa hukuman pagkatapos nito ay inilahad dahil sa anumang hindi wastong layunin, gaya ng para manligalig, para magdulog ng hindi kinakailangang pagkaantala, o para hindi kinakailangang pataasin ang gastos ng pagkilos o paglilitis.

Pagbibigay sa Mga Bayarin

Ang mga bayarin na abugado ay dapat batay sa mga rate na karaniwan sa komunidad kung saan nangyari ang pagkilos o pagdinig para sa uri at kalidad ng mga ibinigay na serbisyo. Walang dapat gamiting bonus o multiplier sa pagkalkula ng mga ibinibigay na bayarin.

Ang mga bayarin sa abugado ay hindi puwedeng ibigay, at hindi puwedeng i-reimburse ang mga nauugnay na gastos sa anumang pagkilos o paglilitis sa ilalim ng Part B ng IDEA para sa mga serbisyong isinagawa pagkatapos ng isang nakasulat na alok para sa kasunduan sa iyo kung:

1. Ginawa ang alok sa loob ng inirerekomendang oras ng Panuntunan 68 ng Mga Pederal na Panuntunan ng Sibil na Procedure o, sa kaso ng pagdinig para sa due process o pagsusuri sa antas ng estado, anumang oras nang lampas sa 10 araw ng kalendaryo bago magsimula ang paglilitis;
2. Hindi tinanggap ang alok sa loob ng 10 araw ng kalendaryo; at
3. Napagpasyahan ng hukuman o ALJ na ang tulong na nakuha mo ay hindi mas paborable sa iyo kumpara sa alok ng pakikipag-areglo.

Sa kabila ng mga paghihigpit na ito, puwedeng magbigay ang hukuman ng mga bayarin sa abugado at nauugnay na gastos sa iyo kung mananaloka at mahusay mong napangatwiran ang pagtanggap sa alok sa pakikipag-areglo.

Ang mga bayarin sa abugado ay hindi puwedeng ibigay kaugnay ng anumang meeting ng IEP team maliban na lang kung isinagawa ang meeting bilang resulta ng isang pang-administratibong paglilitis o pagkilos sa hukuman.

Ang meeting para sa paglutas na kinakailangan sa ilalim ng mga procedure ng pagdinig para sa due process ay hindi itinuturing na meeting na resulta ng isang pang-administratibong pagdinig o pagkilos sa hukuman, at hindi rin ito itinuturing na pang-administratibong pagdinig o pagkilos sa hukuman para sa mga layunin ng mga probisyong ito ng mga bayarin sa abugado.

Puwedeng bawasan ng hukuman, ayon sa naaangkop, ang halaga ng mga bayarin sa mga abugado na ibinibigay sa ilalim ng Part B ng IDEA, kung mapapatunayan ng hukuman na:

1. Ikaw, o ang iyong abugado, sa panahon ng pagkilos o paglilitis, ay hindi makatuwirang nagdulot ng pagkaanta sa pinal na paglutas ng hindi pagkakaunawaan;
2. Ang halaga ng mga bayarin sa mga abugado na pinahintulatang ibigay ay hindi makatuwirang lumampas sa orasang rate na karaniwan sa komunidad para sa mga katulad na serbisyo ng mga abugado na may makatuwirang parehong kasanayan, reputasyon, at karanasan;
3. Ang iginugol na oras at mga legal na serbisyong ibinigay ay labis, kung isasaalang-alang ang uri ng pagkilos o paglilitis; o
4. Ang abugadong kumakatawan sa iyo ay hindi nagbigay sa distrito ng naaangkop na impormasyon sa abiso sa pagdinig para sa due process, ayon sa inilalarawan sa ilalim ng heading na *Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process*.

Gayunpaman, hindi puwedeng babaan ng hukuman ang mga bayarin kung mapapatunayan ng hukuman na hindi makatuwirang inantala ng estado o distrito ng paaralan ang pinal na paglutas ng pagkilos o paglilitis o nagkaroon ng paglabag sa ilalim ng mga probisyon ng Mga Procedural Safeguard ng Part B ng IDEA.

Mga Pandisiplinang Procedure para sa Mga Mag-aaral na Kwalipikado sa Special Education

May mga proteksyon sa special education na ibinibigay sa iyong anak kapag dinidisciplina siya. Ang mga proteksyong ito ay maliban pa sa mga pandisiplinang procedure na nalalapat sa lahat ng mag-aaral. Nalalapat din ang mga proteksyong ito sa mga mag-aaral na hindi pa napatunayang kwalipikado para sa special education kung alam ng distrito na magiging kwalipikado ang mag-aaral.

Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan 34 CFR §300.530; WAC 392-172A-05145

Pagpapasya Batay sa Kaso

Puwedeng isaalang-alang ng mga tauhan ng paaralan ang anumang natatanging sitwasyon sa batay sa bawat kaso, kapag nagpapasya kung ang pagbabago ng placement (tingnan ang kahulugan ng *Pagbabago ng Placement Dahil sa Mga Pandisiplinang Removal*, sa ibaba), na ginawa alinsunod sa mga sumusunod na ipinag-aatas na nauugnay sa disiplina, ay naaangkop para sa iyong anak na lumabag sa isang kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral ng paaralan.

Pangkalahatan

Hanggang sa limitasyong isinasagawa rin nila ang nasabing pagkilos para sa mga mag-aaral na hindi tumatanggap ng mga serbisyo sa special education, magagawa ng mga tauhan ng paaralan, nang hindi lalampas sa **10 araw ng paaralan** na sunod-sunod, na alisin ang iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang placement patungo sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon, iba pang setting, o suspindihin ang iyong anak, kung lalabag siya sa isang kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral. Ang mga tauhan ng paaralan ay puwede ring magpatupad ng mga karagdagang removal ng iyong anak sa loob ng hindi lalampas sa **10 araw ng paaralan** nang sunod-sunod sa parehong taong panuruan na iyon para sa mga hiwalay na insidente ng maling pagkilos; hangga't ang mga removal na iyon ay hindi nagdudulot ng pagbabago ng placement (tingnan ang *Pagbabago ng Placement Dahil sa Mga Pandisiplinang Removal* para sa kahulugan sa ibaba).

Pagbabago ng Placement Dahil sa Mga Pandisiplinang Removal

34 CFR §300.536; WAC 392-172A-05146–05155

Ang removal ng iyong anak mula sa kanyang kasalukuyang edukasyonal na placement ay isang **Pagbabago ng Placement** kung:

1. Ang removal ay para sa loob ng higit 10 araw ng paaralan nang sunod-sunod; o
2. Nakaranas na ang iyong anak ng mga serye ng removal na nakakabuo ng pattern dahil sa:
 - a. Ang kabuuan ng serye ng mga removal ay mahigit 10 araw ng paaralan sa isang taong pangpanuraan;
 - b. Ang pag-uugali ng iyong anak ay ganap na katulad ng kanyang pag-uugali sa mga naunang insidente na nagresulta sa mga serye ng removal; at

- c. Walang karagdagang salik na isinasaalang-alang gaya ng tagal ng bawat removal, kabuuang tagal ng panahon na nasa removal ang iyong anak, at ang proximity ng mga removal sa isa't isa.

Tinutukoy ng distrito ng paaralan kung ang isang pattern ng mga removal ay nagbubunsod ng pagpapabago ng placement sa kada kasong batayan, at kung tututulan mo ito, napapailalim ito sa pagsusuri sa pamamagitan ng due process at hudisyal na paglilitis.

Abiso

Sa petsang magpapasya ang distrito para isagawa ang isang removal na pagbabago sa placement para sa iyong anak dahil sa isang paglabag ng kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, dapat ka nitong abisuhan tungkol sa pasyang iyon, at bigyan ka ng *Abiso sa Mga Procedural Safeguard sa Special Education*.

Mga Serbisyo

Inaatasan ang isang distrito na magbigay ng mga serbisyo sa iyong anak kuna na-remove siya sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng **10 araw ng paaralan o mas kaunti** sa taong panuruan na iyon sa parehong paraan na nagbibigay ito ng mga serbisyo sa mga mag-aaral na hindi nakatanggap ng mga serbisyo ng special education na na-remove din. Ayon sa mga regulasyon ng pangkalahatang pagdidisiplina sa edukasyon, sa panahon ng isang suspensyon, expulsion, o agarang pagpapaalis, dapat magbigay ang distrito ng paaralan sa iyong mag-aaral ng oportunidad para makatanggap ng mga serbisyo sa edukasyon para mabigyang-daan ang iyong anak na patuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon, matugunan ang mga pamantayan sa edukasyon ng distrito, at makumpleto ang mga kinakailangan sa asignatura, grade-level, at sa pagtatapos (WAC 392-400-610).

Ang mga serbisyonang dapat ibigay sa iyong anak, kapag na-remove siya sa kanyang kasalukuyang placement, ay puwedeng ibigay sa pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon.

Kung na-remove ang iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng **mahigit 10 araw ng paaralan**, ay iyong anak ay dapat:

1. Patuloy na makatanggap ng mga pang-edukasyong serbisyo, para mabigyang-daan ang iyong anak na patuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon, bagama't sa ibang setting, at umusad sa pagtugon sa mga layuning nakatakda sa kanyang IEP; at
2. Kung ang pag-uugali ng iyong anak ay manifestation ng kanyang kapansanan, dapat siyang makatanggap, ayon sa naaangkop, ng functional na behavioral assessment, at mga serbisyo at modipikasyon sa behavioral intervention, na nakadiseno para matugunan ang paglabag dahil sa pag-uugali, para hindi na ito mangyari ulit.

Pagkatapos ma-remove ng iyong anak sa kanyang kasalukuyang placement sa loob ng **10 araw ng paaralan** sa parehong taong panuruan na iyon, at **kung** ang kasalukuyang removal ay para sa **10 araw ng paaralan** nang sunod-sunod o mas kaunti, **at** kung napagpasyahang ang removal ay hindi pagbabago ng placement (tingnan ang kahulugan sa itaas), **ibig sabihin** tutukuyin ng mga tauhan ng paaralan, nang kumokonsulta sa kahit isa sa mga guro ng iyong anak, ang limitasyon sa pangangailangan ng mga serbisyo para mabigyang-daan ang iyong anak na lumahok sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon, bagama't sa ibang setting, at umusad sa pagtugon sa

mga layuning nakatakda sa IEP ng iyong anak.

Kung ang removal ay isang pagbabago ng placement (tingnan ang kahulugan sa itaas), tutukuyin ng IEP team ng iyong anak ang mga naaangkop na serbisyo para mabigyang-daan ang iyong anak na patuloy na lumahok sa pangkalahatang kurikulum sa edukasyon, bagama't sa ibang setting, at umusad sa pagtugon sa mga layuning nakatakda sa kanyang IEP.

Pagpapasya sa Manifestation

Sa loob ng **10 araw ng paaralan** tungkol sa anumang pasya para baguhin ang placement (tingnan ang *Pagbabago ng Placement Dahil sa Mga Pandisiplinang Removal*) ng iyong anak dahil sa isang paglabag ng isang kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, dapat suriin ng distrito, at mga nauugnay na miyembro ng IEP team, na tutukuyin mo at ng distrito, ang lahat ng nauugnay na impormasyon sa file ng iyong anak, kasama ang kanyang IEP, anumang obserbasyon ng guro, at anumang nauugnay na impormasyong bibigay mo para matukoy na:

1. Kung ang pinag-uusapang pag-uugali ay dulot ng, o nagkaroon ng direkta o malaking kaugnayan sa, kapansanan ng iyong anak; o
2. Kung ang pinag-uusapang pag-uugali ay direktang resulta ng pagkabigo ng distrito na ipatupad ang IEP ng iyong anak.

Kung matutukoy ng mga nauugnay na miyembro ng IEP team ng iyong anak, kasama ka, na natutugunan ang alinman sa mga kundisyong iyon, dapat ituring ang pag-uugali na maging manifestation ng kapansanan ng iyong anak.

Kung matutukoy ng grupong inilalarawan sa itaas na ang pinag-uusapang pag-uugali ay ang direktang resulta ng pagkabigo ng distrito na maipatupad ang IEP, dapat magsagawa kaagad ang distrito ng pagkilos para maramedyuhan ang mga pagkukulang.

Pagpapasya na Manifestation ng Kapansanan ng Mag-aaral ang Pag-asal

Kapag natukoy ng grupong ito, kung saan kasama ka, na ang pag-uugali ay isang manifestation ng kapansanan ng iyong anak, dapat gawin ng IEP team ang alinman sa mga sumusunod:

1. Magsagawa ng functional behavioral assessment, maliban na lang kung nagsagawa na ang distrito ng functional behavioral assessment bago nangyari ang pag-uugali na nagresulta sa pagbabago ng placement, at nagpatupad ito ng behavioral intervention plan para sa iyong anak; o
2. Kung nakabuo na nang behavioral intervention plan, nasuri na ang behavioral intervention plan, at nabago ito, ayon sa kinakailangan, para matugunan ang pag-uugali ng iyong anak.

Maliban sa inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng sub-heading na *Mga Espesyal na Sitwasyon*, dapat ibalik ng distrito ang iyong anak sa placement kung saan siya na-remove, maliban na lang kung sumasang-ayon ka at ang distrito na baguhin ang placement bilang bahagi ng modipikasyon sa behavioral intervention plan.

Karagdagang Awtoridad

Kung ang pag-uugali na lumabag sa kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral ay hindi isang manifestation ng kapansanan ng iyong anak (tingnan ang *Pagpapasya sa Manifestation*, sa itaas) at lalampas ang pandisiplinang pagbabago ng placement nang **10 araw ng paaralan** nang sunod-sunod, puwedeng ilapat ng mga tauhan ng paaralan ang mga pandisiplinang procedure sa iyong anak sa parehong paraan at para sa parehong tagal tulad sa mga mag-aaral na hindi nakakatanggap ng mga serbisyo sa special education, maliban na lang kung kailangang magbigay ng paaralan ng mga serbisyo sa iyong anak, ayon sa inilalarawan sa itaas sa ilalim ng *Mga Serbisyo*. Tutukuyin ng IEP team ng iyong anak ang pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon para sa mga serbisyo sa iyong anak sa sitwasyong ito.

Mga Espesyal na Sitwasyon

Puwedeng i-remove ng mga tauhan ng paaralan ang iyong anak patungo sa isang pansamantalang alternatibong setting ng edukasyon (na tutukuyin ng IEP team ng mag-aaral), ang pag-uugali man ng iyong anak ay manifestation o hindi ng kanyang kapansanan, sa loob ng hanggang 45 araw ng paaralan, kung siya ay:

1. Nagdala ng armas (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa paaralan o may armas sa paaralan, sa loob ng paaralan, o sa isang gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito;
2. Mayroon o gumagamit ng mga ilegal na droga (tingnan ang kahulugan sa ibaba), o nagbebenta o nagtutulak sa pagbebenta ng isang controlled substance, (tingnan ang kahulugan sa ibaba), habang nasa paaralan, sa loob ng paaralan, o sa isang gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito; o
3. Nagdulot ng malubhang pinsala sa katawan (tingnan ang kahulugan sa ibaba) sa isa pang tao habang nasa paaralan, sa loob ng paaralan, o sa isang gawain ng paaralan sa ilalim ng hurisdiksyon ng distrito.

Mga Pagpapakahulugan

- Tumutukoy ang *controlled substance* sa isang gamot o iba pang substance na tinukoy sa ilalim ng mga schedule I, II, III, IV, o V sa seksyon 202(c) ng Controlled Substances Act (21 U.S.C. 812(c)).
- Tumutukoy ang *ilegal na droga* sa isang controlled substance; pero hindi kasama ang isang controlled substance na legal na dinadala o ginagamit sa ilalim ng pamamahala ng isang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o legal na dinadala o ginagamit sa ilalim ng anumang iba pang awtoridad sa Batas na iyon o sa ilalim ng anumang iba pang probisyon ng pederal na batas.
- Tumutukoy ang *malubhang pinsala sa katawan* sa isang pinsala sa katawan na nauugnay sa: isang matinding posibilidad sa pagkamatay; labis na pisikal na sakit; matagal at kitang-kita na kasiraan ng anyo; o matagal na pagkawala o problema sa paggana ng bahagi ng katawan, organ, o kakayahang gumalaw.
- Tumutukoy ang *armas* isang isang armas, device, instrumento, materyal, o substance, animate o inanimate, na ginagamit para sa, o handang may kakayahan ng, pagdudulot ng pagkamatay o malubhang pinsala sa katawan, maliban na lang kung hindi kasama sa nasabing termino ang isang pocket knife na may blade na wala ang dalawa a kalahating pulgada ang haba.

Pagpapasya sa Setting

34 CFR § 300.531; WAC 392-172A-05145; WAC 392-172A-05149

Dapat tukuyin ng IEP team ang pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon para sa mga removal na **Mga Pagbabago ng Placement**, at mga removal sa ilalim ng mga heading na **Karagdagang Awtoridad** at **Mga Espesyal na Sitwasyon**, sa itaas.

Pag-apela ng Mga Pasya sa Placement at Pasya sa Manifestation (Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process para sa Pagdidisiplina)

34 CFR § 300.532; WAC 392-172A-05160

Puwede kang maghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process kung hindi ka sumasang-ayon sa:

1. Anumang pasya hinggil sa ginawang placement sa ilalim ng mga pandisiplinang probisyon;
o
2. Ang pagpapasya sa manifestation na inilalarawan sa itaas.

Puwedeng maghain ang distrito ng kahilingan sa pagdinig para sa due process kung naniniwala ito na mas malamang na magresulta ang pagpapanatili ng kasalukuyang placement ng iyong anak sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

Tingnan ang seksyong **Mga Procedure ng Pagdinig para sa Due Process** para sa higit pang impormasyon sa paghahain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Awtoridad ng Hukom sa Pang-administratibong Batas (ALJ)

Dapat isagawa ng ALJ ang pagdinig para sa due process at dapat siyang magpasya. Puwedeng gawin ng ALJ ang mga sumusunod:

1. Ibalik ang iyong anak sa placement kung saan siya na-remove, kung matutukoy ng ALJ na ang removal ay isang paglabag sa mga ipinag-aatas na inilalarawan sa ilalim ng heading na *Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan*, o ang pag-uugali ng iyong anak ay manifestation ng kanyang kapansanan; o
2. Mag-utos ng pagbabago ng placement ng iyong anak sa isang naaangkop na pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon, sa loob ng hindi lalampas sa 45 araw ng paaralan, kung matutukoy ng ALJ na mas malamang na magresulta ang pagpapanatili sa kasalukuyang placement ng iyong anak sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

Puwede ulitin ang mga procedure sa pagdinig na ito, kung naniniwala ang distrito na mas malamang na magresulta ang pagbabalik ng iyong anak sa orihinal na placement sa pinsala sa iyong anak o sa iba.

Sa tuwing humihiling ka o ang distrito ng pagdinig sa due process, dapat natutugunan ng kahilingan ang mga kinakailangang inilalarawa sa ilalim ng mga heading na *Mga Procedure ng*

Kahilingan sa Pagdinig para sa Due Process at Mga Pagdinig para sa Due Process, maliban na lang sa mga sumusunod:

1. Pinabilis ang pagdinig para sa due process at dapat mangyari sa loob ng **20** araw ng paaralan mula sa petsa kung kailan hiniling ang pagdinig. Dapat magbigay ang ALJ ng pasya sa loob ng **10** araw ng paaralan pagkatapos ng pagdinig.
2. Maliban na lang kung ikaw at ang distrito ay sumasang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na i-waive ang meeting, o sumasang-ayon kayo na gumamit ng mediation, dapat mangyari ang meeting para sa paglutas sa loob ng **pitong** araw ng kalendaryo mula sa petsa kung kailan mo inihain ang kahilingan sa pagdinig para sa due process sa OAH at sa distrito. Puwedeng magpatuloy ang pagdinig maliban na lang kung nalutas na ang usapin sa kagustuhan ng magkabilang panig sa loob ng **15** araw ng kalendaryo mula sa pagtanggap ng kahilingan sa pagdinig para sa due process.

Puwede mong pasimulan o ng distrito ng paaralan ang isang sibil na pagkilos, na tumututol sa pasya sa isang pinabilis na pagdinig para sa due process sa parehong paraan na tumututol sila sa mga pasya sa mga pagdinig para sa due process sa hindi pandisiplinang special education (tingnan ang *Pagiging Pinal ng Pasya; Mga Apela*, sa ibaba).

Placement sa Panahon ng Mga Pinabilis na Pagdinig para sa Due Process

34 CFR §300.533; WAC 392-172A-05165

Kung ikaw o ang distrito ay naghain ng kahilingan sa pagdinig para sa due process na nauugnay sa mga pandisiplinang usapin, maliban na lang kung sumang-ayon ka at ang distrito sa ibang kasunduan, dapat manatili ang iyong anak sa pansamantalang alternatibong setting sa edukasyon habang nakabinbin ang pasya ng opisyal sa pagdinig, o hanggang sa pag-expire ng yugto ng panahon ng removal, na inilalarawan sa ilalim ng heading na *Awtoridad ng Mga Tauhan ng Paaralan*, anuman ang unang mangyayari.

Mga Proteksyon para sa Mga Mag-aaral na Hindi Pa Kwalipikado para sa Special Education at Mga Kaugnay na Serbisyo

34 CFR §300.534; WAC 392-172A-05170

Pangkalahatan

Kung hindi natukoy ang iyong anak na kwalipikado para sa special education at mga nauugnay na serbisyo, at nalabag niya ang isang kodigo ng pag-uugali ng mag-aaral, puwede mong itaguyod ang mga procedural protection ng iyong anak, kung mapagpapasyahan na may kaalaman ang distrito na dapat sinuri at tinukoy ang iyong anak na kwalipikado para sa mga serbisyo sa special education bago nangyari ang pag-uugali na naging dahilan ng pandisiplinang pagkilos.

Batayan ng Kaalaman sa Mga Pandisiplinang Usapin

Dapat matukoy na may kaalaman ang isang distrito na kwalipikado ang iyong anak para sa special education kung, bago nangyari ang pag-uugali na naging dahilan ng pandisiplinang pagkilos nagawa mong:

1. Ilahad ang iyong pag-aalala sa pamamagitan ng pagsulat, na ang iyong anak ay nangangailangan ng special education at mga nauugnay na serbisyo sa mga supervisory o pang-administratibong tauhan ng distrito ng paaralan, o sa isang guro ng iyong anak;
2. Humiling ka ng pagsusuri na nauugnay sa pagiging kwalipikado para sa special education at mga nauugnay na serbisyo sa ilalim ng Part B ng IDEA; o
3. Naglahad ang guro ng iyong anak, o ang ibang tauhan ng distrito, ng mga partikular na alalahanin tungkol sa pattern ng pag-uugaling ipinakita ng iyong anak nang direkta sa direktor ng special education ng distrito, o sa ibang supervisory na tauhan ng distrito.

Pagbubukod

Hindi ituturing na may nalalaman dito ang isang distrito kung:

1. Hindi mo pinahintulutan ang isang pagsusuri ng iyong anak o tinanggihan mo ang mga serbisyo sa special education; o
2. Nasuri ang iyong anak at natukoy na hindi siya kwalipikado para sa mga serbisyo sa special education.

Mga Kundisyong Ilalapat Kung Walang Batayan ng Kaalaman

Kung ang isang distrito ay walang kaalaman na kwalipikado ang iyong anak para sa special education, bago magsagawa ng pandisiplinang hakbang sa iyong anak, ayon sa inilalarawan sa itaas sa ilalim ng mga sub-heading na *Batayan ng Kaalaman sa Mga Pandisiplinang Usapin at Pagbubukod*, puwedeng mapailalim ang iyong anak sa mga pandisiplinang hakbang na inilalapat sa mga mag-aaral na hindi tumatanggap ng mga serbisyo sa special education, na nauugnay sa parehong mga uri ng pag-uugali.

Gayunpaman, kung hihiling ka at ang distrito ng pagsusuri sa iyong anak sa yugto ng panahon kung kailan siya napapailalim sa mga pandisiplinang hakbang, dapat isagawa ang pagsusuri sa pinabilis na paraan.

Hanggang sa matapos ang pagsusuri, mananatili ang iyong anak sa placement sa edukasyon na tinukoy ng mga awtoridad ng paaralan, kung saan puwedeng kasama ang suspensyon o expulsion nang walang serbisyo sa edukasyon.

Kung matutukoy ang iyong anak na kwalipikado para sa mga serbisyo sa special education, nang isinasalang-alang ang impormasyon mula sa pagsusuring isinagawa ng distrito, at sa impormasyong ibinigay sa mo, dapat magbigay ang distrito ng special education at mga nauugnay na serbisyo sa iyong anak at sundin ang mga pandisiplinang kinakailangan na inilalarawan sa itaas.

Referral sa at Pagkilos ng Mga Tagapagpatupad ng Batas at Panghukom na Awtoridad

34 CFR §300.535; WAC 392-172A-05175

Ang Part B ng IDEA ay:

1. Hindi nagbabawal sa pag-uulat ng distrito ng paaralan ng isang krimen na binabaggit sa iyong anak, na kwalipikado para sa special education, sa mga naaangkop na awtoridad; o
2. Hindi pumipigil sa pagpapatupad ng batas ng estado at sa paggamit ng mga hudisyal na awtoridad ng kanilang mga responsibilidad hinggil sa paglalapat ng mga pederal at pang-estadong batas sa mga krimeng ginawa ng iyong anak.

Pagpapadala ng Mga Talaan

Kung maghahain ang isang distrito ng krimeng ginawa ng iyong anak, dapat gawin ng distrito ang mga sumusunod:

1. Tiyakin na ang mga kopya ng special education at pandisiplinang talaan ng iyong anak ay ipapadala para sa pagsasaalang-alang ng mga awtoridad, kung saan iniulat ng ahensya ang krimen; at
2. Magpadala lang ng mga kopya ng special education at pandisiplinang talaan hanggang sa limitasyong pinapahintulutan ng FERPA.

Mga Kinakailangan para sa Unilateral Placement ng Mga Magulang ng Mga Mag-aaral sa Mga Pribadong Paaralan na Gastos ng Publiko Kapag May Inisyung FAPE CFR § 300.148; WAC 392-172A-04115

Kung naniniwala ka na hindi makakapagbigay ang distrito ng paaralan ng FAPE para sa iyong anak at pinili mong i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong paaralan nang hindi sumasang-ayon ang distrito, may mga partikular na hakbang na dapat sundin para humiling ng reimbursement mula sa distrito para sa pribadong paaralan.

Reimbursement para sa Placement sa Pribadong Paaralan

Kung dati nang nakatanggap ang iyong anak ng special education at mga nauugnay na serbisyo mula sa isang distrito ng paaralan, at pinili mong i-enroll ang iyong anak sa isang pribadong preschool, elementary school, o secondary school nang wala ang pahintulot o referral ng distrito, puwedeng ipag-atas ng isang hukuman o ALJ na i-reimburse ka ng distrito para sa gastos ng pag-enroll na iyon kung mapapatunayan ng hukuman o ALJ na hindi pa ginawang available ng distrito ng paaralan ang FAPE sa iyong anak sa napapanahong paraan bago ang pag-enroll na iyon at naaangkop ang pribadong placement na iyon. Puwedeng ituring ng hukuman o ng isang ALJ na naaangkop ang iyong placement, kahit na hindi natutugunan ng placement ang mga pamantayan ng estado na nalalapat sa edukasyong ibinigay ng mga distrito.

Limitasyon sa Reimbursement

Ang halaga sa reimbursement ayon sa inilalarawan sa talata sa itaas ay puwedeng mabawasan o tanggihan:

1. Kung: (a) Sa pinakakamakailang meeting ng IEP na dinaluhan mo bago ang removal ng iyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi mo naabisuhan ang IEP team na tinatanggihan mo ang iminumungkahing placement ng distrito para magbigay ng FAPE sa iyong anak, kasama ang paglalahad ng iyong mga alalahanin at layunin mo sa pag-enroll sa

iyong anak sa isang pribadong paaralan sa gastos ng publiko; o (b) Hindi bababa sa 10 araw ng negosyo (kasama ang anumang holiday na nangyari sa isang araw ng negosyo) bago ang iyong removal ng iyong anak sa pampublikong paaralan, ay hindi ka nagbigay ng nakasulat na abiso sa distrito tungkol sa impormasyong iyan;

2. Kung, bago ang iyong removal ng iyong anak mula sa pampublikong paaralan, ay nagbigay sa iyo ang distrito ng nakasulat na abiso, tungkol sa mga layunin nitong suriin ang iyong anak (kasama ang pahayag ng layunin tungkol sa pagsusuri na naaangkop at makatuwian), pero hindi mo ginawang available ang anak mo para sa pagsusuri; o
3. Sa pagpapasya ng isang hukuman na hindi makatuwiran ang iyong mga pagkilos.

Gayunpaman, ang halaga ng reimbursement ay:

1. Hindi dapat mabawasan o tanggihan dahil sa hindi pagbibigay ng abiso kung: (a) pinigilan ka ng paaralan na ibigay ang abiso; o (b) hindi ka pa nakatanggap ng abiso tungkol sa iyong responsibilidad na ibigay ang abisong inilalarawan sa itaas; at
2. Sa pagpapasya ng hukuman o isang ALJ, ay hindi puwedeng bawasan o tanggihan dahil sa hindi mo pagbibigay ng kinakailangang abiso kung: (a) hindi ka marunong magbasa o hindi ka makapagsulat sa English; o (b) ang pagsunod sa ipinag-aatas sa itaas ay malamang na magresulta sa malubhang emosyonal na panganib sa iyong anak.

MGA RESOURCE

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa Mga Procedural Safeguard, makipag-ugnayan sa iyong distrito ng paaralan o sa OSPI para sa karagdagang impormasyon:

OSPI

PO Box 47200

Olympia, WA 98504

360-725-6075

speced@k12.wa.us

[Web page ng OSPI - Special Education](#)

[Web page ng OSPI - Special Education - Mga Pamilya](#)

Ang organisasyong pinopondohan ng publiko sa ibaba ay posibleng makapagbigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa special education sa estado ng Washington:

[Partnerships for Action Voices for Empowerment \(PAVE\)](#)

6316 South 12th Street

Tacoma, WA 98465

(800) 5-PARENT (v/tty)

e-mail: pave@wapave.org

Website: [Partnerships for Action Voices for Empowerment \(PAVE\)](#)

LEGAL NA ABISO



Maliban na lang kung iba ang nakasaad, ang gawaing ito ng [Washington Office of Superintendent of Public Instruction](#) ay lisensyado alinsunod sa isang [Creative Commons Attribution License](#). Ang lahat ng logo at trademark ay pag-aari ng mga nararapat na may-ari ng mga ito. Nakamarka ang mga seksyong ginamit sa illim ng doktrina sa patas na paggamit (17 U.S.C. § 107).

Ang mga alternatibong lisensya ng materyal na may ibang antas ng pahintulot ng user ay malinaw na nakasaad sa tabi ng partikular na nilalaman sa mga materyal.

Ang resource na ito ay posibleng mga link sa mga website na pinapagana ng mga third party. Ang mga link na ito ay ibinibigay para sa iyong ginhawa lang at hindi bumubuo o nagpapabatid ng anumang pag-eendorso o pagsubaybay ng OSPI.

Kuna gagamitin sa ibang paraan ang gawaing ito, tandaan ang malalaking pagbabago at pagpapalit ng pamagat, at alisin ang anumang logo ng Washington Office of Superintendent of Public Instruction. Ibigay ang mga sumusunod na paglalahad:

"Ang resource na ito ay mula sa mga orihinal na materyal na ibinigay ng Office of Superintendent of Public Instruction. Puwede ma-access ang mga original na materyal sa [OSPI – Special Education](#).

Nagbibigay ang OSPI ng patas na access sa lahat ng programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, pambansang pinagmulan, edad, status bilang honorably discharged na beterano o military, sekswal na oryentasyon kasama ang paglalahad ng kasarian o pagkakakilanlan, pagkakaroon ng anumang sensory, mental, o pisikal na kapansanan, o ang paggamit ng gabay na aso o gabay na hayop ng isang taong may kapansanan. Ang mga tanong at reklamo para sa alegasyong diskriminasyon ay dapat idirekta sa Equity and Civil Rights Director sa 360-725-6162 o P.O. Box 47200 Olympia, WA 98504-7200.

I-download ang materyal na ito sa PDF sa [OSPI – Special Education – Mga Procedural Safeguard](#). Available ang materyal na ito sa alternatibong format, kung hihilingin. Makipag-ugnayan sa Resource Center sa 888-595-3276, TTY 360-664-3631. Banggitin ang numero ng dokumentong ito para sa mas mabilis na serbisyo: 22-0005.



**ESTD
1889**

*Ang lahat ay inihanda ng mga mag-aaral para sa mga
post-secondary pathway, karera, at pansibikong
pakikipag-ugnayan.*



Washington Office of Superintendent of
PUBLIC INSTRUCTION

Chris Reykdal | Superintendent ng Estado
Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building | P.O. Box 47200
Olympia, WA 98504-7200